# Mga Piling Akdang Pampanitikan

Dr. Sharon C. Masula || Dr. Helen E. Tolete
*Patnugot*

**Copyright** ©2024
The Authors

**ISBN – 978-621-96514-8-6**

**DOI: https://doi.org/10.53378/02.24.005**

This open-access e-book is published under the Creative Commons Attribution-NonCommercial-ShareAlike 4.0 International License. Read full license details here: https://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/.

For publication concerns, contact the publisher at publications@iiari.org.

**Published by:**

Institute of Industry and Academic Research Incorporated

South Spring Village, Bukal Sur

Candelaria, Quezon, Philippines

Postal Code 4323

Contact Number: (+63) 916 387 3537

Visit the website https://iiari.org/books

Bacground photo:
Leafy gold frame available at https://www.freepik.com

# Paunang Salita

*"Matud nila ako dili angay*
*Nga magmanggad sa imong gugma,"*

Ang linya sa awiting ito ay nagmumula sa dibdib ng mga manunulat na kagaya mo!

"Pag-ibig ang dahilan ng panulat kaya itong aklat ay iyong hawak-hawak".

Ang aklat na ito ay kakikitaan ng mga 'manggad' o 'kayamanan' na nagmumula sa isipan at malikhaing guniguni ng mga manunulat na nagkasama-sama upang makabuo ng akda na gugulatin ang sinoman.

Ang mga maikling kuwento, tula, dagli, at iba pang akdang pampanitikan na mababasa rito ay kapupulutan ng leksiyong magbubunga ng tagumpay sa bawat hangarin ng sambayanang Pilipino.

Ang mga akdang ito ay mananatili sa puso, sa isip at magsisilbing gabay sa pamumuhay ng bawat mag-aaral. Magiging huwaran ang mga linya, mga taludtod at usapan sa pang-araw-araw na gawain ng komunidad.

Mangyaring may hatid na kalungkutan, pighati, kasakiman subalit sa kahapunan ay mayroong mangingibabaw na kaligayahan, tagumpay at kaluwalhatian kasama ang pamilya, mga anak at mahal sa buhay.

Ito ay posible sapagkat ang manggad mo ay manggad ko!

Ito ay posible sapagkat ang Wika mo ay Wika ko!

Ito ay mananatili sapagkat ang ‘gugma’ mo sa akdang pampanitkan ay panghabambuhay… hindi maglalaho…hindi mangyayaring ‘dili angay’, kundi magiging manggaranon sa isip, sa salita, sa gawa, at sa kapangyarihan ng PAG-IBIG ang panitikan ay magpapatuloy…magiging angay!

Ang aklat pong ito ay isang manipestasyon-

Ng pag-ibig

Ng Milagro

Ng manggad

Ng iyong mundo

habambuhay!

# Pasasalamat

Taos-pusong pasasalamat ang nais ipahatid ng mga patnugot sa lahat ng mga manunulat, guro, mag-aaral at mga kaibigang bukal sa loob na nagbahagi ng kanilang mga sariling katha na pumuno at bumuo ng aklat na ito.

Maraming salamat po sa pagkakataong ibinigay sa amin na maging bahagi ng proyektong ito kasama ang lupong bumubuo ng IIARI. Pasasalamat din ang nais ipadama at sa proyektong ito ay nakasama namin kayo na magmumula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas.

Ang katuparan ng proyektong ito ay nagbibigay ng puwang sa wikang Filipino na maging bahagi ng kamalayang Pilipino.

Maligayang pagbabasa sa lahat!

*Sharon & Helen*

# *Mga Patnugot*



## Sharon Concepcion Masula, EdD, PhD

Professor I at Head Teacher ng Teacher Education Department ng Aklan State University-Ibajay Campus, Bids & Awards Committee Chair sa naturang unibersidad. Siya ay nagtapos ng Doctor of Philosophy major in Filipino Literature sa Manuel L. Quezon Univesity, Diliman Quezon City taong 2017 at Doctor of Education Major in Filipino Language Teaching sa Filamer Christian University, Roxas City taong 2023. Nagtapos siya ng Master of Arts in Filipino sa Capiz State University-Mambusao Campus 2013, at ang kaniyang Bachelor of Science in Education Major in Communication of Arts in Filipino ay natapos niya sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Intramuros, Manila taong 1993.

Sa kasalukuyan ay nag-aaral siya sa pamamaraang online ng TEFL o Teaching English as a Foreign Language sa Brigham Young University (BYU Idaho). Nagsisilbi siya bilang Regional Director ng SAGIPWIKA sa Rehiyon 6, CBRC Lecturer/Reviewer sa lugar ng Aklan, Antique, Roxas, Romblon, at Iloilo. Ko-awtor ng mga aklat na Introduksiyon sa Pananaliksik sa Wika at Panitikan at Maikling Kuwento at Nobela, 2022, Awtor ng aklat na Ro Mga Bueak It Babaye sa Sueod It Saeamin, Siya ay naging DEPED Language Reviewer for Grade 1 learning Materials Contextualized into Mother Tongue-Based Languages July 6-16, 2015, Cavite. Translator ng Senior Citizen Act 2010 KWF (Komisyon sa Wikang Filipino), Translator ng APEC Primer Office of Malacanang, Awtor, AKLANON Kahalagahang Ispiritwal, Politikal, at Ekonomiya ng mga Obra maestra ni Melchor F. Cichon Para sa mga Milinyal, Ko-awtor/ Tagasalin ng aklat na Raya Rang Pasalig, Parayaw Mga Binaeaybay, 2018, TLB Erotika Mga Binalaybay Kag Sugilanon, Kontributor ng mga Dagli sa Liwayway Magazine.



## Helen Esguerra-Tolete, PhD

Isa siyang gurong nagtataguyod at nagpapahalaga sa ating wika at Edukasyon. Nagtuturo siya ng asignaturang Filipino sa Kolehiyo ng Sacred Heart sa Di-Gradwado, Gradwadong antas at departamento ng SHS. Siya rin ay isa sa mga katuwang na tagapaghubog (Student-Teacher formator) sa mga mag-aaral na nagnanais maging guro sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. Nahirang simula noong 2015 hanggang taong kasalukuyan bilang isang pambansang gurong tagapagsanay (National trainer) ng mga guro sa Senior High School sa ilalim ng DepEd – PEAC (Department of Education at Private Education Assistance Committee).

Lumilibot siya sa iba`t ibang rehiyon ng bansa para magbigay ng mga pagsasanay sa mga guro taon-taon. Bukod dito, siya ay manunulat ng aklat sa isang palimbagan, ang Trinitas Publishing Company sa lungsod Quezon. Sumusulat din siya ng mga modyul at pananaliksik kaugnay sa wika at Edukasyon. Nagtamo ng dalawang digri sa Gradwadong lebel, MAT Filipino noong 2005 at MAEd Filipino noong 2007 sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila. Sa Pamantasan ding ito, taong 2020, naigawad sa kanya ang titulo ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino. Sa kasalukuyan, siya ang tumatayong Puno ng Programa (Program Head) ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Sacred Heart College of Lucena City, Inc.

# Mga May Akda

April Joy C. Francisco

Angelyn Tamayo

Blu Tarnata (Dr. Sharon Concepcion Masula)

Cristine Joy T. Alojipan

Dallyn Rose S. Maylas

Gema M. Bandiola

Gracelyn M. Garcia

Irene J. Pines

Irene R. Lacebal

Jaya Fe Santillan

Jayvee G. Ordaniel

Jona P. Magliquian

Laarni M. Pasion, LPT, MPA

Lester Nick R. Be-oy

Lieza M. Suriaga

Louie Jay Candelaria

Ma. Jona Mae S. Dionesio

Maria Lice M. Vargas, LPT

Maricris Guevarra

Mariel G. Tayco

Mark Angelo Firme Abadilla, LPT

Mary Jobe M. Esmedullar

Meinard S. Vargas

Niño Makiling

Orchell Iñigo, LPT

Raymund M. Pasion, LPT, PhD

Regine Joy B. Servañez

Rhezzel Mae B. Tadia

Rodelyn P. Calizo

Ronica T. Magbiray

Ronnel G. Rectra

Sopia T. Gayoso

# *Talaan ng Nilalaman*

**Paunang Salita** ........ iii

**Pasasalamat** ........ v

**Mga Patnugot** ........ vi

**Mga May Akda** ........ viii

**Talaan ng Nilalaman** ........ x

**Akdang Prosa o Tuluyan** ........ 1

**Mga Maikling Kwento** ........ 2

***Alilang kanin*** ........ 3
*ni Orchell Iñigo* ........ 3

***Lampara*** ........ 6
*ni Orchell Iñigo* ........ 6

***Ibid*** ........ 8
*nina Laarni M. Pasion at Raymund M. Pasion* ........ 8

***Matimawa*** ........ 10
*nina Laarni M. Pasion at Raymund M. Pasion* ........ 10

***Kuya*** ........ 12
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 12

***Last will*** ........ 14
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 14

***Proclamation rally*** ........ 16
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 16

***Dyip*** ........ 20
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 20

***Inay*** ........ 22
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 22

***14*** ........ 23
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 23

***Module*** ........ 24
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* ........ 24

***Empleyado*** **.......... 26**
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* .......... 26

***Lotto*** **.......... 27**
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* .......... 27

***Liham ng isang sundalong ama*** **.......... 29**
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* .......... 29

***Biyaya ng mundo*** **.......... 31**
*ni Lester Nick R. Be-oy* .......... 31

***Kinse anyos*** **.......... 32**
*ni Blu Tarnata (Sharon Concepcion Masula)* .......... 32

***Love letter*** **.......... 40**
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* .......... 40

***Papel*** **.......... 41**
*ni Mark Angelo Firme Abadilla* .......... 41

***Kumusta? Ako'y nagbabalik!*** **.......... 42**
*ni Mary Jobe M. Esmedullar* .......... 42

***Pagmamahal*** **.......... 43**
*ni Regine Joy B. Servañez* .......... 43

***Panginoon, Ikaw lamang*** **.......... 45**
*ni Regine Joy B. Servañez* .......... 45

***Ang susi sa aking pangarap*** **.......... 46**
*ni Regine Joy B. Servañez* .......... 46

***Tula ng makata*** **.......... 47**
*ni Lester Nick R. Be-oy* .......... 47

***Ang limang letra*** **.......... 49**
*ni April Joy C. Francisco* .......... 49

***Ama't ina*** **.......... 50**
*ni Rodelyn P. Calizo* .......... 50

***Saranggola ni Pepe*** **.......... 52**
*ni Louie Jay Candelaria* .......... 52

***Baribulo*** **.......... 53**
*ni Lester Nick R. Be-oy* .......... 53

***Bugsay*** **.......... 54**
*ni Dallyn Rose S. Maylas* .......... 54

***Gabi*** ........ **55**
*ni Lester Nick R. Be-oy* ........ *55*
***Kadiliman ng lipunan*** ........ **56**
*ni Gema M. Bandiola* ........ *56*
***Bituin*** ........ **57**
*ni Gema M. Bandiola* ........ *57*
***Ilaw*** ........ **59**
*ni Gracelyn M. Garcia* ........ *59*
***Karanasan sa buhay*** ........ **60**
*ni Ronnel G. Rectra* ........ *60*
***Sugat ng nakaraan*** ........ **61**
*ni Irene J. Pines* ........ *61*
***Watak-watak na pamilya*** ........ **63**
*ni Jayvee G. Ordaniel* ........ *63*
***Barkadang wagas*** ........ **65**
*ni Mariel G. Tayco* ........ *65*
***Pangarap sa gitna ng paghihirap*** ........ **66**
*ni Jona P. Magliquian* ........ *66*
***Kahirapan*** ........ **68**
*ni Ma. Jona Mae S. Dionesio* ........ *68*
***Ang buhay ay parang gulong*** ........ **69**
*ni Ma. Jona Mae S. Dionesio* ........ *69*
***Wika, pagbabago, asenso*** ........ **70**
*ni Niño Makiling* ........ *70*
***Mantsa ng kahapon*** ........ **71**
*ni Niño Makiling* ........ *71*
***Edukasyon*** ........ **72**
*ni Sopia T. Gayoso* ........ *72*
***Edukasyon laban sa kahirapan*** ........ **74**
*ni Niño Makiling* ........ *74*
***Ang panitikan*** ........ **76**
*ni Angelyn Tamayo* ........ *76*
***Kisap mata*** ........ **77**
*ni Rhezzel Mae B. Tadia* ........ *77*

***Nandito pa rin ako*** **78**
*ni Meinard S. Vargas* 78

***Langga*** **81**
*ni Rodelyn P. Calizo* 81

***Liwanag ng pasko*** **82**
*ni Ronica T. Magbiray* 82

***Malayo pa, pero malayo na*** **83**
*ni Lieza M. Suriaga* 83

***Paalam*** **85**
*ni Lester Nick R. Be-oy* 85

***Pangarap ay puhunan*** **86**
*ni Jaya Fe Santillan* 86

***Ramilyete*** **87**
*ni Lester Nick R. Be-oy* 87

***Ang pagbabagong-anyo ba ng wikang Filipino ay hindi paggalang sa pambansang wika?*** **88**
*ni Maria Lice M. Vargas* 88

***Ang wika tungo sa pagbabago at asenso*** **93**
*ni Maricris Guevarra* 93

***Alpas*** **95**
*ni Lester Nick R. Be-oy* 95

***Ina, dakila ka!*** **97**
*ni Niño Makiling* 97

***Pamilya*** **99**
*ni Irene R. Lacebal* 99

***Kahirapan nga ba ang kumikitil sa pag-asa ng bayan?*** **101**
*ni Cristine Joy T. Alojipan* 101

***Lipad*** **103**
*ni Ronica T. Magbiray* 103



# Akdang Prosa o Tuluyan

# Mga Maikling Kwento

# *Alilang kanin*

ni Orchell Iñigo

“Hi ma’am! Ang ganda mo talaga ma’am.”

Naranasan mo na bang nabighani sa isang guro?

Pasukan na ng mga nagsusunog ng kilay na mag-aaral sa pampubliko at pribadong paaralan. Ang hinihintay na pag-asa ng bayan. Pag-asa ba talaga? O pabigat ng bayan?

Guro: Magandang umaga sa lahat! Maligayang pagbabalik sa eskwela.

Mga Estudyante: Ikinagagalak ka naming makita aming guro.

Lunes pa lang may isang mag-aaral na lumiban sa klase.

Martes, may isa na namang lumiban na estudyante.

Miyerkules, nabalam ang klase dahil may malakas na bagyo.

Huwebes, walang pasok dahil may pagpupulong ang mga guro.

Biyernes, napansin ng guro na iisang estudyante lang ang hindi na pumapasok.

Guro: Ahhhh si Vincent!

Kaya dali-dali niyang pinuntahan kung saan nakatira si Vincent. Pagdating niya sa bahay, mag-isa lang si Vincent. Wala itong kasama kasi sa Canada nagtatrabaho ang kanyang mga magulang. Binigyan niya ng payo si Vincent, kinausap na magsumikap dahil nagpapakahirap ang kaniyang

mga magulang sa ibang bansa upang siya ay maitaguyod, mapag-aral, at mailagay sa prestihiyosong paaralan.

Naging matalik na magkaibigan sina Vincent at ma'am. Sabay silang kumakain tuwing tanghali. Minsan, ililibre pa niya ito. Sa oras na matapos ang klase ay lalapit si Vincent sa guro na maaliwalas ang mukha, kukunin ang mga gamit nito, at ihahatid siya kung saan pupunta sa kasunod na klase o klasrum. Sa madaling salita, naging inspirasyon niya ang kaniyang guro.

Sa nagdaang panahon, hindi naiwasan ni Vincent na nagbago na pala ang kanyang pagtingin sa guro. Gusto man niyang sabihin pero mahina ang kanyang loob. Gusto na niya itong makasama palagi sa lahat ng oras.

Estudyante: Bahala na si Batman!

Kaklase: May relasyon ba kayo ni ma'am? Jowa mo si ma'am noh? Hindi naman halata. Hahaha

Sa paaralan, maraming uri na mga tao ang naroon. May mga makakati ang dila, makitid ang isip, at matalas ang mata. Humahantong sa kaututang dila ng matalik na guro at estudyante.

Guro: Hindi na tayo pwede magsama tuwing kakain Vincent. Bawal ka na ring panay ang buntot sa akin, lalong-lalo na sa paghahatid ng mga gamit ko sa aking mga klase.

Estudyante: Nauunawaan kita ma'am. Magpapaalam na rin ako, kasi pupunta na rin ako sa Canada, doon ko na tatapusin ang aking pag-aaral. Maraming salamat sa lahat ma'am. Mag-ingat ka palagi. Hinding-hindi kita makakalimutan.

Samakatuwid, may mga mag-aaral at guro na kasal na talaga sa totoong buhay, nauwi sa pagmamahalan. Sabi nga nila "Kapag mahal mo ipaglaban mo, hahamakin din ang lahat makapiling ka lamang."

Mayroon talagang ganitong mga pangyayari, na nagmamahalan ang guro at estudyante. Pero ang guro pinakasalan nila ang kanilang trabaho, ang pagiging ikalawang magulang. Minsan, iisipin mo na ikaw ay lubhang nahihirapan sa ganitong sitwasyon. Kung ang iyong kalaban ay ang iyong sarili. Iyong hindi mo na alam, kung ano na ang nangyari sa sarili mo, nasa tamang landas ka ba? Kung ang kasama mob a ay mga wastong tao? Ito ba talaga ang gusto mo? Para saan o kanino ka lumalaban?

Kung ikaw ang tatanungin, sila ba ang itinuturing na pag-asa ng bayan? O dagdag problema lamang sa ating lipunan? Ikaw bilang mambabasa, ano ang opinyon mo sa pakikitungo ng guro at estudyante sa paaralan?

# *Lampara*

ni Orchell Iñigo

Pagod na pagod na pagod na ako!

Mga katagang hindi ko gustong marinig ng bawat tao sa paligid ko.

Musmos pa lang ako, punong-puno na ng pangarap at magagandang hinaharap ang aking pag-iisip. Tanging lampara lang ang kasama ko sa pagsusunog ng kilay sa probinsya ng Cebu. Dapat ganito ako paglaki, dapat marami akong pera. May sasakyan, may matatayog na bahay, at may malawak na bakuran. Hanggang lumaki na lang ay wala pa ni isa ang natupad.

Ang hirap kasi lumaki sa lipunan kung isa kang anak-dalita at butas ang bulsa. Hirap na hirap kang abutin ang mga bituin. May mararanasan kang panlalait, pangungutya, at hindi makatarungang pagtrato sa kapwa mo tao.

Ang hirap din kung ang kalaban mo ay ang sarili mong pamilya. Nangangarap kang magkaroon ng magandang kinabukasan para sa kanila ngunit hindi sila sang-ayon sa iyong plano o kursong kukunin. Hindi nila nakikita ang pagiging matagumpay sa larangan ng buhay at hindi sila saludo sa iyong mga matatamo sa buhay.

Kahirapan ding isipin kung ang iyong kalaban ay ang iyong sarili. Nagdesisyon ako na magsumikap sa buhay. Hindi pwede hanggang dito lang ako. Nagsialisan na ang nakapagtapos ng pag-aaral- aalis ako at makikipagsapalaran sa Amerika. Maganda ang buhay roon, aahon na ako sa kahirapan.

Sa wakas, katulad ng isang lampara na nakapagbibigay liwanag sa kapaligiran at madilim nilang buhay ay makapagbibigay ako ng kaunting pag-asa at inspirasyon na magpatuloy sa buhay.

Sinabi ko sa simula ng akdang ito, ang mga katagang hindi ko gusto marinig ng bawat tao sa paligid ko dahil may mga taong pagod na pagod na

at gustong sumuko. Tandaan lang natin, may lubos na naghihirap kaysa sa ating kinakaharap na problema. Gusto kong ipaabot sa inyo, huwag mapagod sa iyong mga gusto sa buhay. Tulad ng lampara, sindihan mo muli kung ito'y namatay. Siguradong babalik ang liwanag.

Hindi naman talaga karera ang bawat buhay natin. Hindi rin kailangang baguhin ang iyong sarili ayon sa pamantayan ng mga tao o ng lipunan. Ang mahalaga ay masaya ka at gusto mo ang ginagawa mo sa buhay.

It's not that easy.

Iyang lakas ng loob na nasa iyong puso. Iyang kaluluwa na nagpapatibay at nagpapalakas sa iyo. Iyong nadapa ka at muling bumangon upang magpatuloy.

May dahilan ka pa bang mapagod?

Follow and go for your dreams! Be a blessing to everyone.

Ayon sa 'The Millennial Breadwinners' Journey, we are blessed to be a blessing. If you can bless someone through your life today, who would that be?

# *Ibid*

nina Laarni M. Pasion at Raymund M. Pasion

Yang bakl'log yagal'las adto kanilan butay malapit sang tubig. Maldito na bakl'log bisan unan akitaon na mananap itibason.

Isa ka al-law sin-nan, yakadto siya butay para maggal'las. Ayo ayo gal'las makakita sagaw ng ibid. Idakop ng bakl'log yang ibid tapos usipa, magpangamuyo yang ibid na dili ng baklog pag ilabtan kay para makatabang kanaan. Na laung ng bakl'log ala kay ibid suguta ako kadto kanami bal'lay tapos launga ing buyag ko na utudon ing ikog para masugba. Panaw sagaw ing ibid laung makadto adto bal'lay ng baklog. Sang isip ng ibid susuguton ko yani para makalinkawas ako di ako patayon. Aw panaw ing Ibid, mainkaw kadi wal'la datu akadto ing ibid sang bal'lay ng baklog, yagakatot kadi ng kaoy na malapit sang tubig.

Ansinnan yumuli da yang bakl'log adto bal'lay nilan. Pag usip ng bakl'log sang kanaan buyag maglaung, uyag anda yagaluto dakaw, wain da ing ikog ko akaanon data, yakaluto dakaw? Laung ng buyag, nanga kaw, unan asugba ko kadi, wal'la man. Laung ng bakl'log kagayna, yagasabot kami sang ikita ko na ibid na mumuli ani kammo para diko datu ilabtan agaw yusugot siya na mukani kammo. Wa kadi uli ani? Pagkal'lupig sagaw sidto na kasabot ko, wal'la kadi adatung ani. Laung ng buyag, Ikaw sagaw kay akl'log nanga munong kaw kasango mo sa kadi na papauliin mo yang ibid.

Tungod ng pagkal'langot sagaw ng bakl'log pumanaw tubig yasagob, sege magkadaman ing bakl'log, yagasalit sang ibid.

Pag abot ng bakl’log adto tubig, yamaklaro yang linaw al’lon ikita naan na yamaporma na ibid. sal’lok sal’luka sagaw naan yang tubig para kitaon naan uli yang ibid. Yaurot da lamang sal’lukon ing tubig pero wa giyapon naan kagawidi. Yamadugay da isab ing bakl’log adto tubig aw lupuga ng buyag.

Yadamanay ing buyag sang bakl’log kay yamadugay adto tubig. Laung ng buyag, “akl’log nanga kaw kadugay mo unan yakal’langan kammo na wada kaw uli? aw magbatok sagaw ing bakl’log na yamadugay ako kay alupugon ko yang ibid kikita ko yang ibid ani sini. Tuyo kay buyag wapa ko gayod kakaawidi yaning ibid. Laung ng buyag, ban yan kay tadong nanga dakaw sa, unuhon mo pagsakop saang ibid ng anino sa lamang yaan na iyan sang tubig. Adto kay seguro taas sining kaoy agaw sa al’lon anino. Aw angada ng buyag aw ng bakl’log yang kaoy. Adoy kay uyag sakto kaw sagaw, yadtukay yang ibid pyagatanawan kita. Adodoooy kay uyag kyapoy dak pagsal’lok sining tubig. Pagtuo ko sagaw pagakita ko para makabal’los ako. Yagsama kay ibid.

# *Matimawa*

nina Laarni M. Pasion at Raymund M. Pasion

Al'lon bobay na matimawaay na kikita ng isa ka usog ansin nan na banwa. Isa ka al-law, abay anapon ng usog ngiyan na bobay ansang kanaan apit daw wain gayod magauya. Matag yapanaw ngiyang usog makita gayod naan ngiyang matimawa na bobay, kakaagiyan. Way makaawod na katimawa lain sang iban na bobay gayod. Mataas ing lugay, maputi aw sakto ing lawas.

Pila ka al-law yang yulabay, waday kikita ng usog siyang bobay sege naan anapon pero wada gayod magapakita. Mainkaw kadi yang bobay adto magauya sang taas ng kaoy.

Padayon giyapon maganap yang usog pero way gayod ikita naan sang bobay. Bul'la bul'la pa yakadto yang usog adto sidtong kaoy na adto ipan makita naan yang bobay. Wa giyapon yaan kapuya paganap.

Pagka dul'lom da, yakadto yang usog adto sidtong punoan ng kaoy aw tawaga naan idtong bobay, yapagstorya sang kaoy na yagalaung, "daw sinu kaw na bobay kaw, pagpakita kanak, al'lon pagalaung ko kammo, dida ako makakatul'log aw dili takaw amakita, pagpakita da kanak malooy kaw". Yuoli yang usog ngadto kanilan bay, pagkatapos mapagstorya sang punuan ng kaoy.

Sunod, al-law, yuoli da isab yang usog ngadto sidto na punuan ng kaoy, tapos yakita da naan ing bobay. Laung ng usog, "nasa yadugay kaw

magpakita kanak, diko makaya kon dili takaw makita, lain ing kanak dubdub aw dili takaw makita., wain kaw kadi gikan nasa wakaw kanak magpakita? Tubag yang bobay, "ani man lang ako, tuyo wa mo ako kitaa, sang tinuod lamang, dili mo ako ipan basta basta makita tungod kay dili ako otaw, Diwata ako ansini na banwa, ako yang tigbantay ani. Yaka ikol'l yang usog, unan na Diwata ng katimawaay mo, basta lain kaw sang iban na bobay na yakita ko, "gusto takaw, dili ako maimutang aw dili takaw makita." Yang bobay isab yakagusto sang usog., Laung ng bobay na unuhon ta yani na dili man kita mag abot kay ikaw otaw ako Diwata., Kon musugot kaw magaiban kita pero himoon takaw na Diwata isab para magkaiban da kita., Laung ng usog na, "ayaw kanak pagkatal'la-tal'la" basta lamang makaiban takaw angtod sang angtod.

Sugod sidto na pangitabo, wada kitaa ng mga otaw yang usog kay iimo da ng bobay na Diwata isab, yag iban da silan na mag asawa.

# *Kuya*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Ilang taon din ang ginugol niya sa Middle East para sa kaniyang kapatid. Parehong magsasaka ang kaniyang ama't ina kaya't napilitang mangibang bayan.

Nakaempake na ang mga dadalhin kinabukasan. Hindi mapakali dahil sa kagustuhang makauwi at makapiling ang mga mahal sa buhay. Chineck ang pasaporte at tiket para iwas-hassle papuntang airport.

"Sa wakas makakauwi rin. Tatlong taon din akong nagtiis para lang maiahon sa kahirapan ang pamilya ko" sabi niya sa sarili.

Halos gabi-gabi niyang tinititigan ang larawan ng kaniyang pamilya bago matulog. Hindi man niya ginusto pero ginawa nyang umalis para sa kaniyang mga magulang at para na rin sa kanyang babaeng kapatid.

Tinitigan muli ang maliit na kuwartong inuupahan. Hindi na siya makapaghintay na makauwi sa Pinas.

"Neng, pauwi na ang kuya. Pakisabi kay inay na van na ang arkilahin papuntang airport. Kahit ako na kamo ang magbayad. Sakto nga pala ang bakasyon ko sa graduation mo. Makakapunta ako. May ipon ako para sa handaan. Proud ang kuya sa'yo dahil ang pangarap kong maging engineer eh ikaw ang tumupad. Miss na miss ko na kayo." Chat niya sa babaeng kapatid.

Na-seen ng kapatid ang chat ng kuya. Hinintay nya ang sagot ng kapatid na babae ngunit hindi na sumagot. Nakatulog na lang sa kahihintay ng sagot.

Kinabukasan handa na ang lahat. Nagpaalam muna sa maliit na kuwartong inuupahan. Babalik din siya makalipas ang dalawang linggo. Chineck ang mga gamit. Pasaporte, pera, at tiket. Sumita na ng taxi para mas mabilis ang byahe.

Pagkadating sa airport. Nagcheck-in, naghintay na tawagin ang kasunod na flight. Mga trenta minutos na naghintay. Pakiramdam niya ay parang bata siyang iniwan sa kapitbahay at nasasabik na makauwi sa kanilang tahanan.

"Siyam na oras na lang at magkikita na kami. Sulit naman siguro ang pagod ko ng tatlong taon." Nakangiti habang tinitingnan ulit ang kaisa-isang larawan ng pamilya niya.

Nag-landing na ang eroplano. Bilisang kinuha ang mga bagahe at bumaba. Nagcheck-out. Pagkalabas pa lang niya ng arrival ng airport ay bumungad agad sa kaniyang harapan ang mga magulang. Kasama ang kapatid na nagpapasuso ng sanggol.

Natigilan siya ng ilang segundo. Nabitawan ang kaisa-isang larawan ng kumpletong pamilya. Tinanong ang sarili kung nagkabunga nga ba ang pagod niya sa ibang bansa.

# *Last will*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Anak,

Alam kong hindi na ako magtatagal. Matanda na rin naman ako at marami ng nararamdaman sa katawan. Gusto ko lamang sabihin sa sulat na ito, na kahit sa huling sandali ay mayroon akong maiiwan sa iyo bilang kaisa-isang anak ko.

Bago ang lahat, gusto ko lamang magpasalamat sa kasiyahan na binigay mo sa amin ng iyong ina. Bagamat nauna na ang iyong ina sa kabilang buhay, hindi naging madali na palakihin ka bilang isang mabuting tao. Salamat sa pag-aasikaso at pag-aalaga habang itinataguyod kang mag-isa. Bilang ganti ay pinapamana ko sayo ang mga sumusunod:

1. 2 ektaryang palayan at 1 ektaryang niyugan sa linang pati na rin ang munting gilingan ng palay.
2. Tatlong sasakyan: 1 BMW at 2 Ford.
3. Ang maiiwan kong negosyo sa may patio (Ingatan mo at palaguin. Malakas ang negosyo natin dyan).
4. Itikan sa kabilang bayan.

Lahat ng ito ay mapapasaiyo kung sakaling bawian na ako ng buhay. Wala akong ibang hangad kundi ang pag-unlad mo bilang isang tao.

Nagmamahal,

Tatay

Itinupi niya ang papel at inilagay sa isang kahon. Tiningnan ang anak na limang taong walang trabaho. Bukas kakayod ulit siya sa sakahan at manukan. Sa kamakalwa naman ay ipagmamaneho ang may-ari ng palayang sinasaka niya. Sa gabi, magtitinda naman siya ng balut.

# *Proclamation rally*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

"2loy b mya, tol?" text niya sa kumpare niyang taga city hall.

Pinaikot-ikot niya ang lumang cellphone sa kamay habang nakatulala sa labas ng bahay. Suot ang pulang polo shirt at kupas na pantalon na nabili ng misis niya sa ukay noong nakaraang pasko.

Dinig naman sa loob ng bahay ang palahaw ng sanggol na kagabi pa inaapoy ng lagnat.

"Ano? Tuloy ba kayo ng kumpare mo mamaya? Kung hindi ay humanap ka na lang ng ibang mapagdedelhensyahan," tanong ng misis na kanina pa nagpapadede sa bata.

"Oo, limandaan din yun. Pangako niya. May kasama raw na pritong manok at Zest-O. Pagkakuha ko ng pera, ibibili ko agad ng gamot at bigas."

"Pre, pumunta ka na. 'Wag mo kalilimutang magsuot ng pula. Ang bayad eh pagkatapos ng rally sabi ni meyor." Text ng kumpareng nasa city hall.

Agad na kinuha ang bag at hinalikan ang mag-ina. Binagtas ang maliit na eskinita papalabas sa kalsada. Tumawag ng tricycle sa TODA at nagmadaling sumakay.

Pagdating sa stadium, bumungad ang maraming supporters ni meyor. Mga naka-pula. Yung iba may dalang banners. Yung iba naman ay plakards.

Pumila. Siksikan. Tulakan. Hindi na nasunod ang health protocol ng lugar. 'Yung iba pa nga halos magkadikit na ang pisngi para lang makapasok na agad. Kinuha ang pangalan ng mga papasok. Pati ang purok at barangay kung saan sila nakatira.

"tol, dito na ako sa gate," text niya sa kumpare niyang taga city hall. Hawak ang bag habang nakikipagbalyahan papasok ng stadium.

Mga ilang oras din siyang nakipagbuno sa mga taong gustong maambunan ng konting halaga at pamparaos ng kumakalam na sikmura. Nakuha ang pagkain na nasa styrofor, fried chicken at kanin, na may kasamang Zest-O. Inilagay agad sa dalang bag pampasalubong sa asawang nag-aalaga ng anak.

Tumingin sa orasan. Alas-onse. Katirikan ng araw. Good Morning towel lang ang saklob sa nag-iinit na bumbunan. Paminsan-minsan ay kumakalam ang sikmura pero tinitiis dahil ayaw kibuin ang pagkain na pamimigay sa proclamation rally.

Tumingin ulit sa orasan. Alas-dose. Tumindi ang sikat ng araw. Lalong nag-init ang bumbunan niyang sinasapinan ng dalang Good Morning towel.

"Anong oras ka uwi? Txtbak" text ng asawa.

"Wala pa si meyor. Baka gabihin ako. Nag-iwan ako ng isandaan jan sa sulong ng damitan ko. Bumili ka muna ng gatas at pagkain mo diyan." Sagot niya sa asawa.

Binalik sa bulsa ang cellphone at kinapa ang suot na pantalon. Bente pesos. Pamasahe pauwi.

Lumipas ang ala-una, alas-dos, alas-tres. Wala pa ang meyor na magsasalita sa kanila. Muling dumukot sa bulsa. Tinext ang kumpare na taga city hall.

“tol, wala pa ba si meyor?”

Walang sagot na natanggap.

Saktong alas-kwatro, narinig na ang wangwang ng patrol na bitbit ni meyor. Nabalutan ng hiyawan ang stadium. Sinisigaw ang pangalan ng tatakbong meyor.

Nagsimula na ang programa. Mga babaeng nagsayawan para sa intermission number. Dalawang baklang stand-up comedian na pinasaya muna ang mga manonood bago sumalang si meyor sa entablado.

Alas-singko na. Lalong kumalam ang sikmura nya dahil sa buong maghapon ay kape lang ang laman ng tiyan.  Hinugot ang cellphone sa bulsa.

“Ano oras ka uwi? Di pa nakakainom ng gamot itong bata” text ng asawa.

“Patapos na. magsasalita na sina meyor” sagot niya. Binalik ang cellphone sa bulsa. Isang bar na lang ang natirang baterya.

Isang malakas na sigaw ng host ang binato sa mga supporters. Pinakilala si meyor at sampu ng kanyang mga konsehales.

May mga konsehal na nag-intermission numbers. May kumanta kahit boses palaka. Sumayaw na parang sinilihan ang puwet. Di nagtagal, nagsalita na ang miyembro ng mga partido upang ibigay ang plataporma.

Huling nagsalita si meyor. Binigay ang plataporma na nakasentro sa pagkakaisa. Pagkakaisa. Walang ibang gagawin kundi pagkaisahin ang kanyang nasasakupan. Hindi magkamayaw ang mga supporters sa pinangako ni meyor na pagkakaisa. Baliw na baliw. Ulol na ulol.

Natapos na ang programa. Pangalan pa rin ni meyor ang sigaw ng mga dumalo. Tinext niya ang kumpareng taga city hall. Tinatanong kung saan makukuha ang limandaan na pinangako. Hindi sumagot. Isang bar na lang ang cellphone niya. Konti na lang mamamatay na ang baterya. Pumunta siya sa mga tauhan malapit sa gate. Tinanong kung saan makukuha ang limandaan. Wala daw silang alam na limandaan. Nalintikan na. Napasaltik siya ng wala sa oras.

Lumabas siya ng stadium para umuwi. Pilit na tinetext ang kumpare pero wala pa ring sagot. Binuksan ang dalang bag para tingnan ang dalang pagkain. Maasim na ang amoy ng kanin. Pawisan na ang pritong manok na kanina'y malutong pa.

"Ferdie, si Junior…" text ng asawa.

Tinipa ang keypad ng lumang cellphone pero bigla na lang ito namatay.

# *Dyip*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Alas onse na. Wala pa ring dyip na dumaraan pauwi sa maliit na bayan sa may paanan ng bundok.

Toy, san ka? Tara sabay ka na. Pagarahe na rin ako.

Sakto, pauwi na rin ang drayber. Hindi na siya nagdalawang isip na tanggapin ang alok.

Tagapagligtas kita manong. Kala ko uumagahin na ako sa terminal. Pasalamat niya kay manong.

Gagarahe na ako eh. Sayang din kung walang maiuuwi. Pagod na rin sa byahe. Sagot niya sa binata.

Makwento ang drayber habang nabyahe kaya't nawala ang pagod mula trabaho.

Pagkalampas ng tulay ay puno ng tao. Rescue team. Pulis. Ambulansya.

May aksidente na naman. Mukhang patay yata yung drayber, 'nong. Sambit sa drayber.

Oo nga. Malimit talaga ang aksidente dito sa tulay na to lalo na't maulan. Pero sabi nila may nagpapakita raw dito na white lady.

Naku, di naman ako naniniwala sa mga multo-multo na yan, manong.

Malay po. Sagot ng manong. AXV 248. Tinandaan niya ang plaka habang nalampas sa tulay.

Makalipas pa ang ilang minuto narating nila ang bayan. Tahimik. Mahamog. Tanda ng katatapos lang na pag-ulan. Dito na lang ako sa tabi, manong. Sabay abot ng bayad. Ngiti lang ang huling nakita nya kay manong pagkatapos bumaba. Pagtawid sa kabilang kanto, sinipat nya ang dyip ni manong. AXV 248. Tiningnan ang relo. Alas dose na.

# *Inay*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Patuloy pa rin niyang ginagawa ang iniuwing trabaho. Alas-onse na. Hindi pa rin siya naghahapunan. Kailangan niyang matapos para sa alas-otsong presentation niya kinabukasan.

Narinig niyang may nagbukas ng ilaw sa kusina. Nag-init ng tubig. Nagbukas ng kalan. Gumaan ang pakiramdam sa amoy ng nilulutong pagkain.

Kumain ka na ba? Pinagluto kita. Pinagtimpla na rin kita ng kape. Kaya mo yan 'nak. Sabay yakap ng mahigpit.

Biglang tumunog ang cellphone. Nagising siya. Walang pagkain. Walang mainit na kape. Pero dama pa rin niya ang yakap ng yumaong ina.

# 14

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Mababanaag sa mukha n'ya ang pananabik na magbalik-trabaho.

Inihanda ang mga kagamitan sa panggugupit. Nilinisan ang buong shop. Nagdikit ng mga babala bago pumasok.

Hindi alintana kung magkano ang nagastos niya sa muling pagbubukas ng maliit niyang negosyong barberya. Pinayagan ulit silang mag-operate dahil under sila ng GCQ. Iniutang muna niya sa 5-6 ang muling pagbangon ng negosyo.

Kinabukasan, sa muling pagbukas ng bakal na gate ng barberya ay bumungad agad sa kaniya ang balita.

"Paumanhin po sa lahat. Muli pong ibinabalik ni meyor ang ating bayan sa ECQ sa kadahilanang muli na naman pong tumataas ang kaso ng COVID sa ating lugar. Maraming salamat po."

Napaupo siya. Natigilan sa pahayag ng munisipyo. Naisip nya kung paano babayaran ang perang inutang nya sa 5-6.

# *Module*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Katatapos lang niya magbigay ng paalala sa kanyang advisory ng biglang may nagchat sa kanyang estudyante.

Sir, wala pa po akong module. Sabi ng bata.

Bukas na. Papuntahin mo ang parent mo sa school. Sagot niya.

Sir, wala pa rin po akong worksheets.

Bukas nga. Papuntahin mo ang magulang mo sa school. Inis na reply niya sa bata.

Sir, bigyan nyo po ako bukas para hindi po ako mahuli sa pagsagot. Nabasa nya ang chat pero hindi na niya sinagot ang bata.

Kinabukasan nagpunta ang magulang sa paaralan. Mugto ang mata. Hindi niya alam kung sinisipon lang o katatapos lang umiyak.

Sir, magsasauli lang po ako ng libro ng anak ko.

Nanay, kayo po ba ang magulang ng batang nagchat sa akin kagabi? Tanong niya.

Pinakita niya ang conversation sa nanay. Bigla ulit itong humagulgol.

Sir, tatlong araw na pong patay ang anak ko. Na-hit and run po siya.

Hindi nakakibo ang guro. Patuloy pa rin ang hagulgol ng nanay.

# *Empleyado*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Magdamag niyang pinaglamayan ang report para sa kaniyang boss. Pinakiusap lang sa kaniya. Naipasa niya sa e-mail ng boss bago pa man ang meeting nito sa higher ups.

Walang tulog at masakit ang ulo niya pagpasok sa opisina.

Boss, kamusta po presentation? Tanong nya.

Salamat nga pala, iho. You saved my ass from that meeting. Pagmamalaki ng boss.

Boss, ano kasi eh. Baka po pwede makahingi ng pabor. Kasi ginawan ko naman po kayo ng presentation. Baka po pwede makapag-leave sa birthday ng anak ko sa Biyernes. Kahit half day lang ako, boss.

Iho, sa totoo lang ano. 'Wag ka ng humingi ng kapalit. Diyos mismo ang magbibigay sa iyo n'yan.

Ilang segundo siyang di nakaimik

Ah, sige boss alis na ako. Salamat po ulit.

Pumuwesto ulit siya sa kanyang cubicle. Humingang malalim. Tiningnan ang larawan ng mag-ina. Iniisip kung anong oras na naman siya makakauwi.

# *Lotto*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

"Ano kaya ang maswerteng numero mamayang gabi? Gusto ko hong tumaya sa lotto." Kabadong tanong niya sa manghuhula.

Hinimas-himas ang bolang kristal. Umungol-ungol.

"Nakikita ko. 7-15-2-4-3-8," sagot ng manghuhula.

Dali-daling isinulat sa papel ang mga numero. Iniabot ang isandaan at umalis.

Sa sobrang pagod sa construction, ay di niya namalayan na bente pesos na lang ang natitira sa wallet. Saktong pantaya sa lotto. Tumakbo siya sa pinakamalapit na outlet at pumila.

Mahigit isandaang milyong piso ang jackpot. Makakaahon na kami sa hirap. Hindi na kamote ang kakainin namin sa araw-araw. Bulong sa sarili. Nangarap siya habang pinapatay ang oras sa haba ng pila.

7-15-2-4-3-8 abot ng papel sa kahera kasama ang huling pera sa bulsa nya. Wala mang maiabot sa misis niya para sa pambili ng hapunan tiyak naman na panalo ang mahigit isaandaang milyong piso.

Pagkatapos ng mahabang lakarin, tanging papel ng lotto ang pasalubong sa pamilya. Wala pang hapunan. Gutom ang dalawang anak at ang asawa.

Anong dala mo? Gutom na ang mga bata. Wala pang gatas si bunso. Tanong ng asawa.

Hindi sinagot ang asawa. Bagkus, binuksan ang maliit na TV at inilipat sa channel kung saan bobolahin ang lotto.

14-25-36-8-17-32. Natulala siya. Kinuyumos ang papel na hawak. Tinitigan ang pamilyang hindi makakahawak ng mahigit isandaang milyong piso. Gutom.

Kinuha niya ang itak at lumabas ng bahay. Sinugod ang babaeng manghuhula. Saktong nagliligpit na ang babae ng kaniyang mga gamit.

Tang-ina ka. Sabi mo mananalo ako sa lotto. Isang wasiwas ng itak ang sinambot ng manghuhula. Biyak ang ulo. Tang-ina ka. Gutom ang pamilya ko dahil sa'yo.

Rumesponde ang mga pulis malapit sa pinangyarihan. Nahuli ang pumatay. Dinala sa presinto. Inembistigahan. Nakita niya ang kanyang case number: 7-152-43-8.

# *Liham ng isang sundalong ama*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

**Utoy,**

Anak, pasensya ka na kung ang tatay ay hindi makakaabot sa una mong kaarawan.

Kung di ko man maabutan ang iyong paglaki, hiling ko lamang na sana ay maging mabuti ka sa iyong kapuwa dahil diyan nagsisimula ang kapayapaan na aking pinoprotektahan.

Pahiramin mo ng mga laruan ang mga kalaro mo upang ikaw ay pahiramin din nila.

Maglaro ka sa labas ng bahay habang ninanamnam mo ang init ng araw sa iyong balat. Hayaan mo ang iyong ina na punasan ang pawis upang hindi ka mapulmunya.

Kumain ka ng masusustansyang pagkain upang ikaw ay lumaki at sumigla. Huwag mo ring kakalimutan na matulog tuwing hapon para tumangkad ka katulad ni tatay.

Tulungan mo ang iyong ina sa gawaing bahay. Maging mabuting bata upang di ka mapagalitan.

Huwag kang magtatampo kung sa Family Day mo sa eskwelahan ay si Nanay mo lang ang pupunta. Kung sa bawat card giving at graduation ay siya ang iyong kasama.

Patawarin mo sana ako sa hindi ko pagdalo sa mahahalagang okasyon sa buhay mo. Hindi ko maipapangako na makakalabas ako sa digmaang ito.

Alalahanin mo sana na may isa kang ama na nagpoprotekta sa kinabukasan mo. Hindi ko man ikaw masilayan, bantay mo naman ako mula sa unang “uha” mo hanggang sa huling sandali ng iyong buhay.

Hindi man kita naibili ng mamahaling regalo ngunit handog ko sa’yo ang isang mapayapang bukas.

Mahal kita, ‘nak.

**Itay**

# *Biyaya ng mundo*

ni Lester Nick R. Be-oy

Binabagtas ang malawak na dalampasigan, sinusundan ang ritmo ng tunog ng alon na humahampas sa baybayin at sinusundan ang kahalumigmigan ng hangin. Tinitingala ang langit na may maraming mga ulap, nagbabago ang kanilang anyo bilang tugon sa kanyang kagandahan. May matatayog na mga puno na nakabalandra sa paanan ng bundok na nagbibigay ng kahalagahan sa paligid. Ang dagat ay umaagos nang kalmado't malumanay, isinasaayos ang sarili na maging kalmado ang aking damdamin. Sa aking paglalakad, damang-dama ko ang init ng araw na siyang nagbibigay-buhay sa aking kapaligiran. Sa bawat hakbang na aking ginagawa ay nalilimutan ko ang mga pinapasang problema at iba pang mga dapat alalahanin sa'king buhay.

Sa dalampasigan na ito, ako ay malaya. Nagagawa kong maging isa sa kalikasan at tanggapin ang kagandahang tinataglay nito. Ang bawat hininga ay napupuno ng sariwang hangin. Ang bawat pandinig ay binabaha ng himig ng kalikasan at ang bawat hakbang ay tila ba nasa ulap. Sa prosesong ito, ako'y nagmumula sa isang simpleng paglalakad patungo sa isang paglalakbay ng pagkaalam at pag-unawa sa mga biyaya ng mundo.

# *Kinse anyos*

ni Blu Tarnata (Sharon Concepcion Masula)

Napakahapdi ang naramdaman ni Aurora nang sampalin siya ng kaniyang ina sa pisngi nito. Animo'y dugo ang kulay ng mapula-pula nitong kanang pisngi. Napangiwi siya sa kabiglaan sa ginawa ng kaniyang Ina sa kaniyang pag-uwi nang gabing-gabi na mula sa pistahang dinaluhan. Napahagulgol ang kanina lamang ay birhen pang dalagita. Tila alam na kaagad ng dalagita na may alam ang kaniyang ina sa nangyari sa kaniya sa pistahang dinaluhan…

Sa isang bayan ng Aklan ay may gwapang dalagita na nagngangalang Aurora. Ito ang kuwento niya:

"Nanay, ako po ang magbabantay ng ating 'baraka' mamayang gabi nang sa gayon ay makapagpahinga po kayo", pag-aalok ng tulong ni Aurora sa ina.

"Salamat anak at napakamatulungin mo sa akin at sa ating negosyo." sagot ng Ina.

"Walang anoman po Nay," nakangiting tugon ng dalagita.

Ang tinutukoy na 'baraka' ni Aurora ay maliit na tindahan na ang mga paninda nila ay sitsirya, gatas, kape, bigas, at iba pang mauutang ng kanilang mga kapitbahay. Ito ang ikinabubuhay nilang mag-ina buhat ng mamatay ang kaniyang ama dahil sa karamdaman nito at bunga na rin ng katandaan. Masipag si Aurora. Mahal na mahal niya ang kaniyang Ina. Dahil nga nag-iisang anak lamang si Aurora ay ipinagmamalaki siya ng kaniyang ina sa

mga kapitbahay nito dahil sa katalinuhan nitong taglay at palagiang may medalyang isinasabit ang kaniyang ina sa tuwing sasapit ang buwan ng Marso. Malaki rin ang paggalang ni Aurora sa kaniyang ina at madalas ay sinusuklayan niya ito sa tuwing nakahiga sila para matulog na. Sabay silang kakain at nagkukuwentuhan kapag naglalaba, naglilinis ng bahay at kahit bago matulog ay naghahagikhikan pa sa mga nakatutuwang karanasan ng mga namimili sa kanilang baraka at gayon din ang mga paroo't parine na mga nagagandahan kay Aurora. Naaalala nila ang nadulas na negosyanteng ahente ng tabakong kulay pula na ano't nadulas sa kakatingin kay Aurora habang dala-dala nito ang kahon-kahong mga tabako upang ideliber sa kanilang baraka, ganoon din ang lalaking ubod ng taba na nasa trenta anyos na' na nagpapanggap na binata pa daw siya at pinapakyaw ang mga biskwit na paninda nila Aurora upang magpasikat na marami siyang pera at sa kabusugan nito habang nakikipag-usap sa ina ni Aurora ay nabilaukan. Iilan lamang ito sa mga manliligaw ni Aurora sa kanilang lugar. Pero may itinatangi siya. Isang dayo sa kanilang lugar. Isang binata na nagmula sa Maynila. Ang istorya ay ipinatapon daw ang binata ng kaniyang mga magulang sa Aklan upang tumino sapagkat nalulong ito sa droga, sa sugal at barkada. Ang binata ay may katamtamang taas, gigolo, may sinasabi ang pamilya, "pabling" kung tawagin ng mga kabataan sa kanilang lugar, "mambobola" naman kung bansagan ng mga matatanda. Kinilala siya na si Jeff. Isang anak ng mayamang negosyante sa Maynila na ang apelyido ay Tan. Lahing Intsik. Sunod sa layaw si Jeff kaya may sarili siyang motorsiklo at hagibis kung magpatakbo. Dito umikot ang kaniyang mundo. Ang mundo ni Aurora sa puso ng Intsik na binatang humahagibis sa kaniya.

Ito ang mga naaalala niya sa panahong nasa lalawigan pa siya ng Aklan. Huminto si Aurora. Napahinto siya pagtapak niya sa paliparan ng Aklan. Iniisip niya kung tama ba na umuwi pa siya?

Madilim na ang gabi.

Lulan siya ng panghimpapawid na sasakyan mula sa Europa. Estetsayd ang suot ni Aurora. May sumundo sa kaniyang magarang kotse na kulay pula paglabas niya sa paliparan. Sinalubong siya ng isang dalagitang maganda.

“Mommy!” sigaw na yumapos ang dalagita sa kaniya. Naiiyak ang matandang kasama ng dalagitang yumapos kay Aurora. Nakatitig lamang si Aurora sa anak niya…ang anak nila ni Jeff, ng pabling, ng hagibis, ng mambobola na inibig niya-minahal ng labis subalit pinili niyang iwan ito sapagkat mas mahal niya ang kaniyang ina sa mga panahong tumatangis ito. Halos nadurog rin ang puso ni Aurora sa mga panahong nagdesisyon siya na iluwal ang bata at mangibang bansa upang iwasan ang ama ni Aura…

“Mommy, marami ka po bang pasalubong sa akin?”, may pananabik na tanong ng dalagita.

“Oo, anak marami!” basag ang tinig ni Aurora habang hindi niya namamalayang tumutulo ang luha sa pisnging dati ay nagkulay dugo nang masampal siya ng ina dahil sa pagkabasag ng munting kristal na pinakaiingatan niya.

Niyakap ng ina si Aurora…tahimik na yumakap din si Aurora sa ina. Sumakay na sila sa pulang sasakyan na nabili niya bunga ng pagsusumikap sa Europa.

Malalim na ang gabi. Hindi makatulog si Aurora at ganoon din ang kaniyang ina.

Pinagmamasdan ni Aurora ang kaniyang anak na si Aura habang mahimbing itong natutulog yakap ang mga stuff toys na pasalubong nito.

Binasag ang kalaliman ng gabi ng matandang boses na unti-unting gumagaralgal ang tinig.

“Anak, patawarin mo ako sa aking kalupitan, sa hindi ko pagsang-ayon sa inyong kasal ng lalaking iyon na hindi ko matanggap habang ako ay nabubuhay! Hindi ko kaya anak, kahit hanggang ngayon ay hindi ko maaatim na siya ang iyong makakatuluyan….” paliwanag ng ina ni Aurora.

Paano nga ba naganap ang lahat? Paano natutong yumakap ang buwan sa araw? Nang mga sandaling hinihigpitan ng ina niya si Aurora ay natuto itong tumakas. Sa hampas ng mga alon ay narating ni Jeff ang bangkang lulutang-lutang sa dalampasigan ni Aurora. Iyon ang una at huling pagyakap ng buwan sa araw! Hindi na ito nasundan sapagkat nagngangalit ang tunog ng kidlat na tumama sa perlas na nakabaon sa kailaliman ng karagatan. Nagpumiglas, subalit nakatanikala ang mga puso sa kalawanging angkla nina Jeff at Aurora. Doon sa karagatan namatay ang pangarap na nais sanang iluwal…doon!

Kinse anyos siya nang maganap ang kaligayahang ito…kinse anyos rin ang kamatayan nito!

“Inay, tama na po! Huwag na po nating ibalik pa ang nakaraan. Matagal ko na po itong kinalimutan.” sagot niya sa kaniyang ina.

Tumalikod na si Aurora at bumalik sa kuwarto nila ni Aura. Naiwang mag-isa ang kaniyang ina na nag-aapuhap ng hanging ang dala ay kalungkutan.

Umaga, masayang nagising ang dalagitang si Aura. Nakabihis siya ng kulay rosas na bestida. Niyaya ang ina na si Aurora upang magsimba. Sumama naman si Aurora sa simbahan na minsan niyang pinangarap na maikasal. Maikasal kay Jeff. Iyan ang naiisip niya habang nakaluhod sila ng anak at nagmimisa ang pari.

"O Diyos ko, sana po ay makilala ko rin po ang aking ama!" panalangin ng dalagita.

Narinig ito ni Aurora. May kung anong bagay na kinabahan siya!

Dali-daling tumayo si Aurora hanggang sa pagbaling niya ng kaniyang mukha ay nakita niya ang nakatitig na si Jeff Tan. Nakasuot ng maong na kulay asul, nakasapatos ng itim na makintab, nakapolo ng puti at nakasuot ito ng ray-ban. Nakangiti ito sa kaniya. Ngiting handang tumanggap ng pag-ibig. Pag-ibig na ang sukli ay sakripisyo o kahit pighati!

"Mommy, nakikilala mo ba ang lalaking nakatitig sa atin?" tanong ng anak niya na si Aura.

"Hindi anak! Hindi!" pagsisinungaling niya.

Palihim na tinanaw rin ni Aurora ang dating lulong sa bisyo, ang dating lalaking inibig niya, at ang lalaking ama ng anak niya. Napansin ito ng kaniyang ina. Nagngangalit na naman ang kaniyang ina sapagkat sa tinagal-tagal ng panahon ay muli na namang nagpakita si Jeff. Nakakuyom

ang mga kamao ng nanay ni Aurora. Tinitigan siya ng ina. Tumalikod papalayo si Aurora kasama ang anak.

Hinabol sila ni Jeff. Sumisigaw sa kawalan. “Aurora, Aurora… hintay!” sigaw ni Jeff habang hinahabol siya. Naabot ni Jeff si Aurora. Akmang yayakapin niya ito subalit humarang ang kaniyang ina. Humahagulgol si Aurora. Nagmamakaawa si Jeff sa ina na payagan silang magkausap. Naguluhan si Aura. Naiiyak na rin si Aura.

“Huwag mong hawakan ang anak ko, isa kang adik! Isa kang salot sa lipunan!  Ayoko sa iyo magpahanggang ngayon.” sigaw ng ina ni Aurora. Lahat ng tao sa labas ng simbahan ay nakatingin sa kanila. Nakiki-usyuso. Litong-lito si Aura sa pangyayari kaya nagtatakbo siya hanggang sa hindi niya nakita ang isang paparating na dyip at sa pagtakbo niya ay mabuti na lamang at mabilis siyang nailigtas ni Jeff sa sasakyan. Nailigtas si Aura ni Jeff, ng kaniyang ama!

Subalit sa kasamaang palad ay si Jeff ang hindi nakaligtas sapagkat siya ang nahagip ng dyip. Nakita ito ng ina ni Aurora. Nakita niya ang duguang katawan ni Jeff. Humagulgol siya. Napakalakas ng hagulgol ng ina ni Aurora kay Jeff…

“Patawarin mo ako, Jeff! Salamat sa pagliligtas sa apo ko…sa anak mo!” sambit ng ina ni Aurora.

“Jeff, mahal ko!”, hiyaw ni Aurora.

“Daddy…” pabulong na sambit ni Aura.

"Anak, Aurora…patawarin niyo ako sa panghihimasok sa pagmamahalan niyong dalawa. Patawad anak ko!"

Ito ang tagpo. Tagpo pagkatapos ng kinse anyos na pangingibang bansa ni Aurora upang makalimutan si Jeff. Lalong bumaon ang angkla sa karagatan. Ang paligid ni Aurora ay binalot ng kadiliman. Ang paligid ni Jeff ay hindi lamang kadiliman kundi kamatayan! Ang paligid naman ng ina ni Aurora ay napuno ng kahihiyan at kapighatian! At ang natitirang kapayapaan ay nasa kay Aura, nagdarasal ang dalagita sa simbahan kung saan katabi niya ang pari… nakikinig sa kaniyang mga inuusal na panalangin… sa kaluwalhatian ng kaniyang ama, at sa pagmamahal ng kaniyang ina at kapatawaran sa kaniyang lola.

Kinse anyos. Kinse anyos na ang nakalilipas… nakapagpatawad na si Aurora sa kaniyang ina na ang tanging hangad ay mabuting buhay para sa anak.

Makikita sa pulang kotse ang bumababang dalagang-dalaga na' na si Aura. Nakangiti. Maganda at maputi, intsik-intsikin ang mga mata. Nakasuot rosas na bestida. Maraming pasalubong na estetsayd sa kaniyang lola. Maraming dalang rosas na puti si Aura. Dumeretso sila ng kaniyang lola sa isang tagpuan.

Tagpuan ng dalawang puso.

Tagpuan na pinag-isa ng kinse anyos.

Mga puting rosas.


Mga Tula

# *Love letter*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Pinagpuyatan kagabi ang love letter.

Handa ng ibigay ang sulat na punong-puno ng pagmamahal.

Naligo. Nagsipilyo. Nagbihis. Nagpabango.

Dumiretso sa klasrum dala ang tapang ng apog.

Hawak ang love letter na pinagpuyatan kahapon.

Tinanong kung nasaan na siya.

Nag-transfer na. Sagot ng isa.

Itinago na lang sa bag ang dalang sulat.

Kasama ang nararamdaman sa dalaga.

# *Papel*

ni Mark Angelo Firme Abadilla

Sinulat ko sa papel
ang mga letra't alaala.
Tinugma at sinukat
hanggang tinta'y kumalat.

Pinunit ko ang papel
Kasama ang mga letra't alaala.
Iniwan sa tabi
habang kinukumot ang lamig ng gabi.

# *Kumusta? Ako'y nagbabalik!*

ni Mary Jobe M. Esmedullar

Ilang buwan akong masaya,
Ilang buwan akong malaya,
Walang takot na nadarama,
Ngunit, bakit bumalik ka pa?

Narito na naman ako sa aking silid,
Nagsusumiksik sa gilid,
Ninanais na maging manhid,
Sapagkat grabeng pighati ang hatid.

Akala ko, wala na kayo kaibigan,
Boses nyo naman ay aking napapakinggan,
Nais ko kayong iwaksi sa isipan,
Nang sa gayon kasiyahan ay aking mahagkan.

Nagsisisigaw, ngunit walang boses na lumalabas,
Kumakawala ngunit hindi makatakas,
Nananangis sapagkat wala ng lakas,
Nagdarasal na sana abutan pa ng bukas.

Inabutan na ng bukang-liwayway,
Ngayon pa lamang hihimlay,
Kailangan ipagpatuloy ang buhay,
Kahit alam kong sila'y nakabantay.

# *Pagmamahal*

ni Regine Joy B. Servañez

Hindi ko alam kung paano ko sisimulan
Kung paano ko bigkasin ang iyong ngalan
Pangalan na kay sarap pakinggan
Na kahit sino walang makakapantay.

Tunay ngang kay sarap umiyak sa'yo
Pagmamahal mo'y tunay
Ni hindi nagkukulang;
Tapat na walang pagpapanggap.

Kahit na ako'y nagkulang
Ako'y iyong tinanggap ng walang pag-aalinlangan
Kay sarap pakinggan;
Na ako'y iyong mahal.

Ang tunay na pag-asa
Sa kaniya ko lang matatamasa
Hindi sa taong paasa
Lalo na sa taong iiwan ka lang mag-isa.

Ikaw, subukan mong umiyak sa kaniya
Hindi sa taong walang kwenta
Na puro sakit ang pinapadama
Sapagkat kailanman hindi siya manghuhusga.

Masarap umibig
Lalo na tunay ang pag-ibig
Kung gusto mo ng pagmamahal
Lumapit ka sa Poong Maykapal.

Salamat sa ating Diyos
Sa mga biyayang hindi nauubos
Salamat sa inyong mga salita
Na sa amin dala'y katotohanan at hiwaga.

# *Panginoon, Ikaw lamang*

ni Regine Joy B. Servañez

Lahat ng bagay iyong nilikha
Ikaw ang may gawa na nakakamangha
Buhay mo ay inalay dahil sa aming gawa
Sadyang Ikaw ay nakapakadakila

Sa mundong puno ng kasalanan
Ngunit kami'y iyong hinagkan
Magkulang man kami, ngunit Ikaw ay nariyan
Nariyan upang kami'y gabayan

Marinig lamang ang iyong ngalan, kay sarap pakinggan
Sapagkat ito'y dalisay, na puno ng pag-ibig
Dakila ka aking Panginoon
Wala nang makakapantay sa iyong tunay na pag-ibig

Kayaman namin ang mapabilang sa iyong ngalan
Kayamanan na kailan ma'y hindi mananakaw
Tunay nga ang iyong biyaya ay siksik, liglig at umaapaw
Kasaganahan mo ay laging nag-uumapaw

# *Ang susi sa aking pangarap*

ni Regine Joy B. Servañez

Edukasyon ang mahirap abutin
Ngunit maraming ang nais mang-angkin
Sapagkat ito’y mahirap nakawin
At masarap namnamin

Susi ang paraan upang ito’y mabuksan
Kahit gaano man ito kabigat ito’y malalampasan
Lumakas man ang alon ito’y aking lalanguyin
Malunod man ako, ito’y aking haharapin.

Marami ang nais makapagtapos
Ngunit kahirapan ang pilit nagpapakapos
Sa mga kabataang nais makapagtapos
Upang sila’y makaraos sa kahirapan na pilit silang ginagapos

Marami man ang humarang
Ngunit ito’y dapat labanan
Panalangin ang gawing sandigan
Sa mga unos na pagdadaanan.

# *Tula ng makata*

ni Lester Nick R. Be-oy

Sa bawat baybay ng mga taludtod,
May himig na umaawit, umaawit ng tuwa,
Ang makata'y lumilipad, lumilipad sa langit,
Nagsusulat ng tula, ng tula't kahapon.

Makata'y tagapagdala ng damdamin,
Sa mga pagsinta, lungkot, at saya.
Kaniyang tinatangay ang puso ng mga tao,
Sa mga salitang hugis, awit, at himig.

Sa lapis at papel, kaniyang binubuo,
Mga taludtod na sumasayaw, sumasayaw sa pahina.
Katawan niya'y salamin ng kaluluwa,
Sa bawat tula, buhay niya'y nabubuhay.

Makata'y pintor ng mga salita,
Naglalagay ng kulay sa mga patalim.
Sa bawat sakit, sukat, at himagsikan,
Kaniyang isinusulat ang mga kahapong hindi malilim.

Makata’y manlilikha ng bagong mundo,
Sa mga tugma, sukat, at mga simbolo.
Kaniyang binubuhay ang mga alaala’t pangarap,
Sa bawat tula, bagong buhay ay nabubuo.

Sa bawat pag-ikot ng mundo,
Makata’y sumasabay, sumasabay sa agos.
Kaniyang inaawit ang mga pangyayari,
Mga bituin at araw, mga himig ng kalawakan.

Tulad ng ibon na lumilipad sa langit,
Makata’y naglalakbay, naglalakbay sa imahinasyon.
Sa bawat tula, kaniyang nilalagay ang kaluluwa,
Mga pighati, ligaya, at pagmamahal na wagas.

Kaya’t samahan natin ang makata,
Sa kaniyang paglalakbay patungo sa kawalan.
Mga taludtod ay kanyang bitbit,
Tungo sa walang hanggan, walang hanggan na pagtula.

# *Ang limang letra*

ni April Joy C. Francisco

L- Letra, dito ko nais iparating
Ang aking hinanaing
Tanging kinakapita'y dalangin
Mundo'y tila galit sa akin

E-Enerhiya'y pababang bumubulusok
Mabatid na may humihila sa isang sulok
Inaakalang tapos na ang pagsubok
Tila simulain palang ng dagok

T-Tapos na ba? O ako ang tatapusin mong tuluyan
Gusto ko na lamang humimlay sa duyan
‘Wag nang gumising nang lubusan
Tila nakakapagod lumaban

R-Retasong dahilan upang magpatuloy
Sana panaho'y umayon sa daloy
Dinggin itong aking panaghoy
Kapayapaan sa kaisipan naman ang isaboy

A-Aanhin ko itong pagbabago
Kay tagal kong lilinangin itong aking pagkatao
Kung dahilan ng pagbagsak ay 'yong komento
Magpapatuloy pa ba ako?

# *Ama't ina*

ni Rodelyn P. Calizo

Sa tukso'y nagpadala
Bugso ng puso ang inuna
Pamilya'y di ko man lang naalala
Dahil sa iyo minamahal kong sinta.

Ngunit, akoy nagkamali
Maling tao pala ang pinili
Binigay lahat pati ang puri
Subalit, ako lang pala'y masasaktan sa huli.

Pero alam mo sinta ko
Ako'y lubos na nagpapasalamat sa iyo
Sapagkat sa iyong paglisan
Magandang regalo ang iyong iniwan.

Isang anghel ang nabuo sa sinapupunan
Na siyang nagbigay ng pag asa't katatagan
Upang lumaban sa dagok ng kahirapan
Na kailanma'y gusto ko ng wakasan.

Ako'y naging ama't ina
Ng isang supling na napakaganda
Ito'y kailanma'y di ko ikakahiya
Na ako'y isang dalagang ina.

Kaya sa mga katulad ko
Ako'y saludong-saludo sa inyo
Sa inyong katapangang ipakita ang mundo
Sa mga munting anghel na siyang magbabago nito.

# *Saranggola ni Pepe*

ni Louie Jay Candelaria

Alas-tres ng dapithapon
Sa dalampasigan ay nagtitipon-tipon.
Kasabay ng paghampas ng mga alon
Saranggola ni Pepe ay matayog ang lipad.

Tumaas nang tumaas ang lipad
Hanggang sa kalaunay napigtas.
Hindi na makita kung saan napadpad
Saranggolang sa tali ay nakatakas.

Hagulgol ni Pepe ang siyang maririnig
Patuloy ang pagtulo ng mga luha sa pisngi.
Pati sipon ay umaagos na tila ba ay talon
Pinupunasan gamit ang laylayan ng kaniyang damit.

Hindi nagtagal tumahan sa pag-iyak
Pangyayaring tinanggap na lamang.
Saranggolang nakatakas sa kadenang tali,
Ngayon ay malaya ng lumilipad.

# *Baribulo*

ni Lester Nick R. Be-oy

Kalakip ang isang milyong bituin, isang milyong kwento rin ang aking pinapasan

Sa kabila ng pagningning nito'y may bangungot at pangambang napaparam,

Tahasang tinatago ang pait at sakit sa pamamagitan ng pagtawa,

Nagpapakatatag ngunit di naman kaya,

Nagmamarunong kahit wala namang dunong,

Nakikipagdebate gamit ang mali-maling saknong.

Sa bawat ningning na dala ko'y 'di nila alam ang totoo,

Sa bawat tawa at birong pumipilantik sa aking bibig, mayroong sugat na di mahilum-hilum,

At sa bawat pagbagtas ng panibagong araw, dilim ang aking nakakasabayan

Paulit-ulit na ipinapaliwanag ngunit ako'y nagmimistulang mangmang,

Sa kadahilanang, wala namang gustong makinig sa aking dinaramdam,

Patawad sarili ko, sa ganitong bagay ko lamang naipapalabas,

Gamit ang mga katagang aking pinagtagpi-tagpi, at 'di nagtutugmang mga bantas,

Wala, nagtatapang-tapangan ako sa paraang di ko naman pala kaya.

# *Bugsay*

ni Dallyn Rose S. Maylas

Mabaskog ro tamboe it baeod
Grabi man ro hagunos it eawod
Dunganan pa it gaeagapok nga dueogdog
Ag uean nga perti kabaskog
Kahaeadlok ro hampak it humbak
Sa baroto ga habyog-habyog ag gaeagapak
Mausoy gid it medios pangpiyan-piyan sa adlaw-adlaw
Miskan kinilaw eang nga bolinaw
Ginapigos bangod sa kaimueon
Owa sa gihapon ga duha-duhang magpadayun
Bangud kon manami ing bueohaton
Ro kabuhi hay may pag-umwad man gihapon
Bugsay, hala bugsay!
Pabinit lang anay
Mapakatueondan o mapasidlangan
Importante hay may agtunan
Bugsay, miskan magaoy
Magpahuway ag magpadayun sa pagbugsay
Miskan uwat kasiguraduhan ro pamanaw
Tay, sige eang anay!

# *Gabi*

ni Lester Nick R. Be-oy

Malimit kong ginagawa ang mag-abang ng tala sa gabi
Nakahiligan ko rin silang pag-alayan
Ng malamyos na awitin mula sa aking paghimig.
Kahit na hindi nila ito naririnig.

Patuloy pa rin ako sa pangungulit.
Hanggang sa ako'y magsawa
At sawayin ang sarili sa pagbirit.
Nakikipag-unahan ako sa buwan sa pagpikit,
Sa madaling araw, dahil sa isip ko
Ay maaga pa naman ang magkumot ng mga talukap.

Nais ko kasi siyang samahan at sabayan sa pag-idlip,
Ngunit ako'y nakalimot na ang "Gabi" ay dinisenyo
Para sa kaniya upang humabi at magpinta ng katotohanan.
Katotohanan, na kailanman ang araw
Ay inukit para sa atin upang maging matatag
At maging matibay sa lahat ng mga pagsubok.
At ang "Gabi" ay hinabi para sa atin upang ipagpahinga
Ang ating puso at isipan sa lahat ng mga alalahanin at pagkabagabag.

# *Kadiliman ng lipunan*

ni Gema M. Bandiola

Minsang ang inakalang magiging sandigan
Ay siya pa lang magtutulak sa kadiliman,
Ang inakalang sila'y magiging kanlungan
Ay siya pa lang magbibigay dusa at kahirapan.

Ang lipunang itinuturing na ligtas at malaya
Ay may ikinukubling di kaaya-aya,
Mga karahasan at pang-aabuso ay patuloy na nakatihaya
Sa mismong lipunang di malaman kung kailan lalaya.

Hindi maipagkakaila ang lipunang mapanghusga
Ngunit ang sakit at pait na dulot sa magiging biktima,
Ay gaya ng peklat na 'di mawala-wala
Ano man ang gawin ay nag-iwan na ng bakas at trawma.

Mundong puno ng pang-aabuso't karahasan,
Mga kasalanang patuloy na ginagawa't patuloy na nariyan,
Ito'y mga problemang hindi masulosyunan
O ano't kay lupit nitong ating lipunang ginagalawan.

Ngunit kahit ano pa'y walang magawa,
Sapagkat ito'y pagsubok ng tadhana.
Mga karanasang di maalintana
Ay siyang kakalimutan upang muling magsimula.

# *Bituin*

ni Gema M. Bandiola

Isang munting bituin sa gitna ng dilim
Nagbigay liwanag sa mundong makulimlim
Pag-asa ay hatid na nagsisilbing-ningning
Sa sandaling ang pagsubok ay dumating.

Oh, kay gandang mga bituin sa langit
Kapag matanaw, tiyak na maaakit
Sa taglay nitong kinang na marikit
Dala’y liwanag na walang kapalit.

Mga problemang pighati ang dala sa’tin
Di alam kung ano nga ba ang gagawin
Ngunit ikaw ay nagsilbing-tanawin,
Na nagbigay saya, O, munting bituin.

Sa oras ng lungkot at pagdurusa,
Idilat ang ‘yong mga munting mata
Sa langit unti- unting tumingala
Masdan mo ang bituin ng pag-asa.

Hindi naging hadlang itong kadiliman
Upang ipakita, taglay na kagandahan,
Tulad ng bituin, pagsubok ‘wag iwasan
Bagkus, gawing inspirasyon at kalakasan.

Kumikislap na bituin sa kalangitan
Isang kayamanan ng ating kalawakan
Tulad mo rin na bulawan ng ating bayan
Isang bituin na dapat pahalagahan.

# *Ilaw*

ni Gracelyn M. Garcia

Sa tahanang madilim,
May isang ilaw na nagniningning.
Para siyang bituin sa langit,
Nagbibigay liwanag sa aking paningin.

Mula pagkabata ako'y binantayan,
Ginabayan, at inalalayan.
Siya ay tinaguriang ilaw ng tahanan,
Inalagaan at minahal ako ng lubusan.

Bawat paghihirap ay kaniyang buhat-buhat.
Todo asikaso 'pag ako'y may lagnat.
Hindi alintana ang dala kong bigat.
Sa pagmamahal ay hindi ako sinalat.

Sa umaga'y ako'y kaniyang gigisingin
Paghahandaan at papakainin.
Kahit sa trabaho'y ako'y iisipin,
Kaligtasan ko ang tanging dalangin.

Walang katumbas na salita,
Ang pagmamahal niya at pagkadakila,
Ngunit pasasalamat, ina
Sa iyong pagkalinga.

# *Karanasan sa buhay*

ni Ronnel G. Rectra

Ako'y namulat sa mundo ng kahirapan
Kahirapan na siyang nagpapahirap sa aking pangarap
Iniisip kung paano nga ba malalagpasan
Ang buhay na walang kahahantungan
Mahirap isipin na ako'y mahirap
Pero ito ang buhay na aking kinagisnan.

Ako'y nagkaedad at namulat sa tunay na buhay
Na kailangan maging masipag at matiyaga sa buhay
Walang imposible na makamit ang pangarap
Sa isang binata na hangad ang magandang buhay
Ako'y nangarap na hindi para sa aking sarili
Ako'y nangarap pati na rin sa aking pamilya.

Pamilya ko ang naging motibasyon ko sa aking paglalakbay
Nagpapalakas ng loob na makakaya ko ang hamon ng buhay
Naniniwala na maabot ko ang aking pangarap
Dahil ako'y laki sa hirap na puno ng pangarap.

# *Sugat ng nakaraan*

ni Irene J. Pines

Sa yugto ng pagdadalaga,
Sabay ng pag-usbong ng nadarama.
Parang siya'y napaibig na yata?
Hindi niya alam kung ito'y tama nga ba.

Tulad ng ibang dalaga,
Siya'y naghahanap ng kapareha.
Sana'y matagpuan ang tamang binata
Upang hindi maranasan ang pagtangis ng sobra.

Siya'y nagkamali na nga,
Sapagkat ang inakala niyang ligaya ay sanhi ng pagpatak ng luha.
Pakiramdam niya'y tila itinali siya sa kadena
Kahit anong pagpupumiglas ay 'di pa rin makawala.

Unti-unti niyang nakakaligtaan ang sugat ng nakaraan
Pinaniniwala ang sarili na walang tunay na pag-iibigan.
Ang lahat ay pawang pagkukunwari at kasinungalingan
Kaya sinimulang isinumpa na hindi na maging mangmang sa salitang pag-iibigan.

Ngunit dumating ang itinakda,
Parang mapapaibig na naman yata.
Ang dalagang sawi at napasumpa
Napaniwala din sa mahika.

Ito na naman si dalaga,
Nagpadala sa gayuma ng pag-ibig na dati niyang isinumpa.
Kung iyong titigan ang kaniya mga mata ay naroroon na ang munting saya
Tanging hiling niya kay Bathala sana ay siya na nga.

Kung maulit man ang nakaraan
Sana'y bawiin na lamang ang hiningang naninirahan,
Sapagkat hindi na niya kayang magdusa't masaktan
Lalo pa't ikaw lang ang nais na maging tahanan.

Sana ang iyong mga salita ay kasingtotoo ng pangako ni Bathala,
Hindi huwad at anong pagkukunwari sa kapwa.
Dahil ang tanging sambit ng kaniyang puso't diwa,
Hindi siya maging maligaya kung maglalaho ka pa.

Buo na ang tiwala,
Sapagkat batid niyang lubos ang iyong ipinakita.
Ramdam at tagos sa puso ang pagmamahal ng isang binata,
Sino pa kaya ang hindi matutuwa?

Kung ating babalikan ang kwento ng nakaraan,
Isang dalagang nasawi at isinumpa ang salitang pagmamahalan.
Ngunit laging pakatandaan ang Diyos ay palaging may dahilan,
Puso'y huwag nang saktan upang maiwasan ang sugat ng nakaraan.

# *Watak-watak na pamilya*

ni Jayvee G. Ordaniel

Pamilya na puno ng pagmamahal sa bawat isa
Noon masaya, ngunit bakit ngayon ay watak-watak na
Nasaan na ang pangako niyo na binuo sa isa't isa
Bakit biglang nawala ang lahat ng bagay na masasaya.

Ang buhay ko ngayon ay parang wala ng liwanag,
Tila nakabalot sa dilim na sobrang nakakapagpabagabag,
Kagimbal-gimbal ang lahat ng mga nangyayari,
Walang pagkakaunawaan! Gusto ko ng mag rebelde.

Lagi nalang may nag-aalitan,
Para bang hindi pamilya ang turingan,
Nasaan na ang mga pangakong kayo'y magmamahalan,
Kung bumitaw ang isa sa aking magulang.

Pagod na silang umunawa at magpasensya,
Tanging naririnig ko ang hagulgol ng aking ina
Nasasaktan, napapagod at nakokonsensya,
Ngunit hangad ko pa rin ay buo at masayang pamilya.

Ang mga nangyari ay makabagbag damdamin,
Nakakalungkot, O, kay hirap isipin,
Nakakadurog ng puso ang kami'y lisanin,
Ngunit pagiging parte ng pamilya, sila'y tanggap pa rin.

Sa paghihingi ng tawad ay nagtataingang kawali,
Bakit ba hindi na lang ayusin ang mga pagkakamali
Ang magkaayos ba ay hindi na maaari?
Gusto ko ng buklod na pamilyang nagkamaunawaan palagi.

Kibit balikat ko nalang ang mga problema,
Kasi kahit ano pa ang gawin ko'y wala akong magagawa,
Magpapakumbaba na lang ako at umunawa,
Sana'y aking maranasan ang pamilyang puno ng galak at tuwa.

# *Barkadang wagas*

ni Mariel G. Tayco

Sa ating unang pagkakakilanlan
Hindi ko man kayo kilala ng lubusan
Upang kayo'y maging kaibigan
Ang lahat ng iyon ay hindi ko pinagsisihan

Sa pang araw-araw na ganap na tawanan
Lalong lumalalim ang ating pagsasamahan
Nakilala ng lubusan sa maraming araw na nagdaan
Simula dito nabuo ang BARKADANG WAGAS

Tila hindi kukupas ang pagsasamahan
Walang sawang tawanan sa hirap na pinagdadaanan
Ganitong samahan parang wagas na pagkakaibigan
Hindi ko malilimutan ang ganitong karanasan

Sana lumipas man ang maraming panahon
Ang ating pagsasamahan ay naging inspirasyon
Nawa ang ating samahan na ibinaon
Sana mananatili itong alaalang iginuhit at inipon

# *Pangarap sa gitna ng paghihirap*

ni Jona P. Magliquian

Sisimulan ko ang aking tula sa isang katagang,
"Walang mahirap sa taong may pangarap"

Bawat tao ay may pangarap
Magandang buhay sa hinaharap ang siyang hinahangad
Ibayong hirap at pagsisikap lamang ang kailangan
Upang pangarap ay malalasap.

Ngunit ang mundo ay tila madaya
Nais ko lamang mangarap
Ngunit bakit parang may bumabalakid
Sa nais marating sa buhay.

Isa ako sa mga taong may pangarap
Ngunit paano aabutin,
kung ang paghihirap ay hadlang sa lahat,
Pinipilit kumawala sa rehas ng kahirapan
Ngunit paano magagawa
kung ang mundo ay hindi sumang-ayon.

Ilang beses na ring napagod sa buhay
Ngunit aking ipinaglalaban at hindi sumusuko
Marami mang luha ang nasayang
Nagsisilbi itong inspirasyon sa akin.

Sapagkat ako'y naniniwala na,
Walang mahirap sa taong may pangarap
Lahat gagawin upang makamit ang tagumpay
Tagumpay na siyang inaasam-asam sa hinaharap.

Bawat nilalang ay may munting pangarap
Sa buhay na ating hinaharap
Hindi hadlang ang pasakit at hirap
Sa taong nangangagarap.

# *Kahirapan*

ni Ma. Jona Mae S. Dionesio

Hangad kong makapagtapos,
Subalit kami ay kapos,
Simula noong ako'y musmos,
Pagtatrabaho ay lubos.

Tila mundo'y laging pasan,
Bigat ang nararamdaman,
Dahilan ay kahirapan,
Nais kong masolusyunan.

Tila mundo'y may balakid,
Problema'y nakapaligid,
Solusyon sana'y mabatid,
Na kasiyahan ang hatid.

Ang lahat ay hahamakin,
Pag-aaral ay tapusin,
Pangarap ay aabutin,
Biyaya ay tamasahin.

# *Ang buhay ay parang gulong*

ni Ma. Jona Mae S. Dionesio

Ang buhay ay sadyang kay ganda, kahit na parang gulong
Minsan ay nasa ilalim at minsan ay nasa ibabaw
Minsan mas doble pa ang sakit kapag ika'y nasa ilalim
Dagdag pa ang daanang malubak-lubak
Na nagiging sanhi ng pagkawala ng hangin kung minsan.

Kaya nanatili ka lamang sa ilalim na bigat ang nadarama
Hihintaying may tumulong upang magkaroon ulit ng pag- asa
Na makapaglakbay at makakarating sa paroroonan.
Hindi man maiwasan na magkaroon ng balakid
Sa daanan na ating paroroonan ngunit nariyan ang Diyos
Na handang tumulong, hindi man literal na siya ang tutulong
Ngunit gagawa siya ng instrumento upang maiparating sa atin ang kaniyang tulong.

Kaya ako, ikaw, tayo, tayong lahat ay huwag susuko
Hamon ng buhay ay ating harapin ng buong tapang
Huwag mawalan ng pag-asa sapagkat
Ang bawat bukas ay mayroong pag-asa.

Lagi nating tatandaan na hindi sa lahat ng oras ay mananatili tayong nasa ilalim
Dahil darating din ang panahon na tayo'y aangat din
Mabagal man ngunit ang mahalaga ay umuusad at may Diyos na handang gumabay.

# *Wika, pagbabago, asenso*

ni Niño Makiling

Wika, ito´y ating sinasalita
Wika, gamit sa pakikipagkapuwa
Wika, nagpapayaman sa ating kultura´t bansa
Halina´t gamitin ang sarili nating wika

Wika, biyaya sa atin ng Panginoon
Wika, midyum sa komunikasyon
Wika, para sa makabagong panahon
Halina´t gamitin ang wika sa lahat ng pagkakataon

Wika, ito´y ating kailangan
Wika, nagpapayabong sa ating kaisipan
Wika, ito´y makabuluhan at makahulugan
Wika, nagpapalaganap ng kaalaman

Wika, ating pahalagahan
Wika, mabisang kasangkapan
Wika, gamit sa pakikipagtalastasan
Wika, ito´y ating kapangyarihan

Wika, kailangan ko, kailangan mo
Wika, para sa makabagong mundo
Wika, tungo sa pagbabago
Wika, tungo sa pag- asenso

# *Mantsa ng kahapon*

ni Niño Makiling

Kalayaan, sigaw ng ating mga ninuno!
Nagpanukala ng reporma, ngunit dumanak ng dugo
Pagbabago'y mistulang binura
Pinasan ang sakit, hirap, at pagdurusa

Mamamayang Pilipino walang sapat na lakas
Mistulang walang pag-asa na muling makaalpas
Kailan pa kaya itong mga banyaga'y mapapalayas?
Mananatili na lang ba sa rehas o kailangan na gamitan ng dahas?

Inang bayan, kailan ka kaya makakalaya?
Inang bayan, ano kaya ang aming magagawa?
Mga katagang namumutawi sa kanilang mga dila
Ngunit hindi alam kung papaano matutulungan ang sariling bansa

Mga taong may pagmamahal sa bayan
Binuwis ang buhay para sa kasarinlan
Hindi inisip ang kanilang sariling kapakanan
Bagkus pinahalagahan ang kinabukasan ng kanilang sariling bayan

Aming mga bayani, salamat sa inyo
Kami ay hindi na magdurusa sa Polo Y Servicio
Ginamit ninyo ang inyong lakas at talino
Salamat mga matatapang na Pilipino!

# *Edukasyon*

ni Sopia T. Gayoso

Pagod, Puyat, Pagtitiis
Gagawin ang lahat, para sa kinabukasan
Gagawin, ang makayang gawin, para makuha ang inaasam
Aalagaan, iingatan mga araling natutuhan
Edukasyon ang susi sa lahat na nangangarap

‘Wag mawalan ng pag asa
Ipagpatuloy ang sinimulan
Pagod, puyat ay huwag intindihin
Abutin man ng magdamag, aralin ay tapusin
Sa kinaumagahan ito’y bibigkasin

Sari-saring aralin salamat sa lahat
Kaming mag-aaral ay maraming natutuhan
Makatao, Maka-Diyos, Makabansa, Makakalikasan
Ugaliin sa araw-araw, isa puso’t isipan
Para bigay aral sa kapwa mag-aaral

Mag-aral ng mabuti, ‘wag tatamarin
At makapagtapos ng madalian
Para kinabukasan ay ating makamtan
Sa pamilya’y tutulong at sila’y aasa
Ganun sa iba, kapuwa tao’y mapasaya

Habang buhay ay may pag-asa, tiwala sa mahal nating Bathala
Ama, kami ay gabayan sa mga pangarap na inaasam
Salamat sa ’yo, sa biyayang bigay
Sa araw-araw kami’y nagpapasalamat
Kalakasan namin sa ‘yo nagmumula.

# *Edukasyon laban sa kahirapan*

ni Niño Makiling

Gaano nga ba kahalaga ang edukasyon?
Kailangan ba talaga natin ng propesyon?
Ano ba talaga ang dapat nating ituon?
Edukasyon o harapin nalang muna ang mundong mapanghamon?

Kahirapan! Oo, kahirapan ang siyang dahilan
Kahirapan ang nagpapadusa sa bawat kabataan
Sino nga ba ang siyang dahilan?
Magulang ba o ang pamahalaan?

Nakasaad sa Artikulo 14 Seksyon 1 ng konstitusyon ng Pilipinas na dapat,
Ang pamahalaan ay magkaroon ng pantay na edukasyon para sa lahat
Ngunit ang katanungan, daan nga ba ito upang tayo'y makaalpas?
O mananatili nalang tayo sa magulong rehas?

Oo, edukasyon ang magiging rason
Edukasyon upang makamit ang minimithing propesyon
Edukasyon upang tayo'y makabangon
Edukasyon para sa mundong magulo't mapanghamon

Edukasyon para sa lahat ng kabataan
Edukasyon laban sa kahirapan
Edukasyon para sa magandang kinabukasan
Edukasyon ito'y siyang ating kapangyarihan

Ikaw, ako lahat tayo
labanan natin ang magulong mundo
Gamitin ang talino't talento
Edukasyon, ipaglaban mo!

# *Ang panitikan*

ni Angelyn Tamayo

Pamana ng nakaraan
Magsisilbing kayamanan
Hatid mong kaalaman sa aki’y nagpapagaan.
Nabubuhay sa pamamagitan ng mga letra.

Nagsimula sa isang blankong pahina
Ideya o guniguning nabubuo sa bukana
Ang kamay na hawak ang isang pluma
Sa makata’y mapupuno ng kaniyang porma.

Mababakas ang nakaraan
Mula sa mananakop hanggang sa kasalukuyan
Kaaya-aya at masalimuot ang nagdaan
Di napapantayang panama na siyang dapat pasalamatan.

Panitikan na siyang repleksyon ng pinagmulan
Makikita ang ating pagkakakinlanlan
Iba’t-ibang diwa mula sa obra maestra
na dapat pagtuonan, at sa buha’y maging sentro.

# *Kisap mata*

ni Rhezzel Mae B. Tadia

Sa bawat iglap ng buhay
May mga pangarap na nabubuo
At sa bawat pagyakap, ng pag-asa
May liwanag na sa mata ay sisibol.

At sa mga mata natin, may mga kislap na sumisilip
Ito'y simbolo ng ating pag-asa at tagumpay
Dahil sa mga mata natin, nakikita natin ang landas
Na ating tatahakin tungo sa ating hangarin.

May mga ganap na sang-ayon sa ating adhikain
At may mga hadlang na ating dadaigin
Ngunit sa bawat hakbang ng pag-asa
Ay may mga kislap na kasama nating sisikat.

Sa bawat pagkakataon na ating dinadaanan
Mayroong liwanag na sa atin ay sisilip
At sa pamamagitan ng ating mga mata
Ay makikita natin ang ating kinabukasan.

Kaya't huwag nang mag-alinlangan pa
Pagdating sa mga pangarap at adhikain natin
Dahil sa ating mga mata, mayroong kislap na sisikat
Na sasalubungin ang bawat tagumpay natin.

# *Nandito pa rin ako*

ni Meinard S. Vargas

Sa bawat pagpatak ng ulan,
Sumasabay ang daloy ng ating nakaraan,
Mga sandaling pinagmamasdan,
Ang iyong natatanging kagandahan.

Tatlong taon na ng huli kitang nasilayan,
Walang paramdam galing sa ‘yo ay nakayanan,
Mensahe mo saki'n nagdala ng kasiyahan,
Ikaw ang tinuring pahinga ko at tahanan.

Ayokong nakikita kang nasasaktan,
Kaya dahil dito natuto akong palayain ka ng ‘di mo namamalayan,
Mahiwagang imahinasyong kasama ka ay mahigpit akong sinasakal,
Nawalan ng kulay at tamis ang pangako ko na tayo ay magpapakasal.

Kinailangan kong mawala muna saglit,
Kasi ‘yun ang tanging paraan para hanapin mo ko sa mundo kong puno ng sakit,
Kinailangan kong hayaan kang piliin ang taong gusto mo,
Na kahit ikaw ang sinisigaw nitong puso.

Hindi ko mawaring,
Humantong tayo sa ganitong sitwasyon,
Na kinakailangan mong bumitaw
Dahil may ibang nakakuha ng iyong atensyon,

Ang ating pahina ay unti-unting sumasara,
At sa ating dalawa,
Ako lang ang kumakapit,
Wala akong magawa kundi samahan ka at ihatid.

Salamat sa mga panahon,
At pagkakataon na kailangan kita,
Salamat dahil kahit papaano,
Nagawa mong palawakin itong ngiti ko.

Di ko kayang tapusin ito,
Pero kailangan,
Gustuhin ko man na magpatuloy at maghintay,
kahit na walang kasiguraduhan, handa ko itong ilakbay.

Mahal, lagi mong tatandaan,
Na sa paglitaw ng buwan,
Ang pagmamahal ko sa 'yo,
Ay tunay at hindi mawawala kailanman.

Sa huling talata,
Nitong aking tula,
Nais kong magpaalam sa isang binibini.
Na siyang nagturo sa akin na ipagmalaki ang sarili

Salamat sa mga alaala,
Dumating man ang araw na tayo'y hindi na magkita,
Dumating man ang araw na di na ako makakita dala ng pagtanda,
Alalahanin mong naghintay ako para sa ating dalawa.

Sana sa susunod na paggising ko,
Nandito ka na sa tabi ko,
Sana sa susunod na buhay,
Tayo naman!

# *Langga*

ni Rodelyn P. Calizo

Pinalangga ko nga langga
Ikaw lang ang akong palangga
Indi ikaw magkabalaka
Ikaw lang wala na iba pa.

Sa tagipusuon ko una ka
Ginahigugma taka
Ikaw lang akong langga
Wala na iban pa.

Di pagusuya sa iba
Ang akong paghigugma
Indi ako magsawa
Sa imong pagpalangga

O, akong langga
Indi ka na madula
Sa pamisaron ko una ka
Pinalanggaon ko nga langga.

# *Liwanag ng pasko*

ni Ronica T. Magbiray

Parang kailan lamang
Araw, buwan at taon ang lumipas
Sumapit na naman ang ber- months
Hudyat ng kasiyahan, pagkakaisa at pagmamahalan

Kay gandang pagmasdan
Ilaw sa bawat tahanan
Kulay asul, dilaw, pula at kung ano-ano pa
Parang tala sa madilim na kalangitan

Pasko'y pagharìin ng may diwang tunay
Bigyan ng kulay ang bawat buhay
Katulad ni Hesus na nagmahal ng tunay
Salamat Hesus na Ikaw ay nakaagapay
Hesus na puno ng pusong makulay!

Ipasok sa puso ang diwa ng pasko
Alalahanin natin ang pagsilang ni Hesus
Pagsimba ay pagyamanin ng bawat isa
Ito'y nagdadala sa atin ng galak at saya
O, kay ganda ng pasko!

# *Malayo pa, pero malayo na*

ni Lieza M. Suriaga

O, kay bilis naman lumipas ang panahon
Gigising ng alas kwatro para pumasok sa school
Tinapay at kape ang naging almusal
Sa agahan para makapunta lang ng eskwelahan

Sa pagpasok mo pa lang sa pintuan
Makikita mo agad ang mga upuan
Na siyang magiging sandalan mo hanggang matapos ang pasukan
Papel, bolpen na siyang iyong magiging armas patungo sa kaunlaran

Mga magulang, pamilya na handa kang suportahan
Sa anong mang laban di ka iiwan
Ang mga pangarap mong iyong matatagumpayan
Sa tulong ng ating Poong Maykapal
Na laging nandiyan para gabayan ka sa iyong laban

Kailangan kong pagsumikapan
Upang ang pangarap ko ay makamtan
Mahirap man ang aking pinagdaan
Pero patuloy pa rin akong lumalaban
Dahil ang edukasyon ang susi para makaahon sa kahirapan

Sa pagtatapos ng semestreng ito
Marami pa ang aking tatahakin sa labang ito

Marami pa ang nakapilang balakid sa buhay ko
Sa pagkamit ng pangarap ko
Ika nga nila walang madaling daan
Kailangan mo itong pagdaanan

Aking pagsusumikapan

Upang sa mga magulang maipakitang karangalan
Nang kanilang pagsasakripisyo at pagbibigay ng aking kailangan
Aking pang pagbubutihan ang aking pag aaràl
MALAYO PA, PERO MALAYO NA.

# *Paalam*

ni Lester Nick R. Be-oy

–At ngayong ika'y lumisan,
na sa aking piling,
aking giliw
Paano dadamhin ang init
ng yakap mo?
Paano malalasap ulit ang
mga halik at lambing?

Sa 'king puso'y lungkot
ang dumaloy,
Ang aking diwa'y sumisigaw
na ibalik—
Ang iyong ngiti, ang iyong
pagmamahal.

Bulaklak at kandila, tanging
iaalay,
Sa puntod, kung saan ka nakahimlay,
Sa bawat patak ng ulan—
isisigaw ang iyong pangalan.

Mahal kita, pero paalam na...

# *Pangarap ay puhunan*

ni Jaya Fe Santillan

Sa bawat pahina, landasin ay bumukas,
Bawat hakbang, pumapalapit ay landas.
Kaalaman ay kayamanan, walang katumbas
Sa pagkatuto ay walang wakas.

Sa aklat at kuwento, buhay ay umusbong,
Sa labas ng silid, dunong ay nagniningning.
Sa paglalakbay ng edukasyon at buhay,
Kabatiran at karunungan palaging sasabay.

Bawat patak ng pawis sa gabi’t umaga,
Edukasyon ay pangarap, sa hirap nagmumula.
Sa pagsusulit at hamon, mundo’y naglalakbay,
Mga pangarap at lihim, sa pag-aaral ay binuhay.

Liwanag ng kaalaman, pusong nagbibigay-tapang,
Sa pusong puno ng tuon tagumpay ay darating.
Sa landas ng karunungan, pagsubok ay mahirap,
Kinabukasan ay sisiklab sa bawat pagsisikap.

# *Ramilyete*

ni Lester Nick R. Be-oy

Sa laksa-laksang bandos; makabuntala,
Dahilan ang mapaniil na habyog; tuluyang lumantad.
Subalit dagitab sa pagbabago'y mistualng sumagadsad.
Inakay, itinayo't nagkubli sa kapiraso ng batidwad.

‘Di hagway; itinatangis!
Walang lakas sa pagkampay
Bagwis na kalbaryo lamang ang nakaratay,
Dawit ang sakit at kritisismong tinutungayaw.

Agapayang-salikop na hinubog ng agbarog at anluwage,
Sa sandaling ito'y hindi na mababawi,
Kukulayan ang dating masalimuot na mga pangyayari,
Lalantad na ganito ako, kulay bahaghari.

# *Ang pagbabagong-anyo ba ng wikang Filipino ay hindi paggalang sa pambansang wika?*

ni Maria Lice M. Vargas

**LAKANDIWA:**

Magandang araw mga ginoo’t binibini,
mga tagapanood at mga tagasuri!
Ngayong umaga tayo’y magiging mga saksi
sa tagisan ng talino at pagde-debate.
Naritong mahuhusay na tagapagsalita
ay sadyang nagsaliksik, nagsanay, at naghanda.
Wikang Filipino ay talagang nagbabago,
sabay sa kasaysaya’t hamon sa Pilipino.
Kawalang-galang nga ba sa wikang kinagisnan
pagpapalit-bihis ng salita’t talastasan?
Mga ginoo’t binibini, makinig kayo
Tayo ay magsisimula sa panig ng OO.

**OO:**

Wikang Filipino'y bahagi ng kasaysayan
Ating mga bayani ito ay pinaglaban.
Sa gitna ng maraming dugo, pawis, at luha,
wikang Filipino'y nagsilbing aliw at sigla.
Mahabang panahon nga ang sati'y nakalipas
Filipino pa rin ang magbubuklod sa Pilipinas.
Igalang at idangal ito, s'yang nararapat
Ito'y may responsibilidad na kaakibat.
Basta-basta itong baguhin ay hindi dapat!

**HINDI:**

Kalma lang bes, nakukuha ko ang iyong punto
Wika ko ri'y Filipino, mahal kong totoo.
Palaging ginagamit sa bahay o eskwela
Sa pakikipag-usap man o sa social media.
Sa panonood ng K-Dramang tinatangkilik,
'yong may salin sa Filipino'y nakasasabik.
Kaya't ako'y walang nakikitang di-maganda
Pagbabago ng wika ay isa lamang tanda
Na Filipino'y buháy o dynamik, ika nga.

**OO:**

Aba! S'yang tunay! Wikang Filipino ay buháy
Sa puso at diwa ito ay nananalaytay.
Itutulad natin ang wika sa medisina:
Ang gamot ay iyong kailangan kapag may sakit ka

Ika’y gagaling kung gagamitin mo ng tama
Subukang abusuhin, ikaw ay masisira.
Gayundin sa ‘yong wika, gamitin mo ng wasto
Kapag binaboy mo ay tiyak magkakagulo
Likas nang mayaman, pagbabago’y di kailangan.

**HINDI:**
Sa wikang Filipino ako ay may respeto
Kung hindi, para kong kinahiya ang lahi ko.
Makinig dito sa halimbawa kong totoo:
Ang ating wika ay parang bigas na sinaing,
Kapag mainit pa ito’y masarap kainin;
Kapag hindi naubos, lalamig ang natira
Mapapanis sa nagbabagong temperatura
Kailangang isangag bago tuluyang masira.
Ang wika ay ang kaning dapat na makasabay
Sa pagbabago ng paligid at takbo ng buhay
Kundi ay mamamatay at makakalimutan.
Pagbabago’y ayos kung para sa kaunlaran.

**OO:**
Ngunit bakit kailangan pang sabayan ang uso
Ang wika nati’y sapat na, hindi ba katoto?
Sana’y kadalisayan ng wika’y manatili
Pinaglaban ni Quezon ay huwag nawang mabali.
Ang dapat na gawin wika ay palaganapin
Nakalilitong salita’y huwag mo nang gamitin

Wikang meron tayo ay s'ya na lamang linangin.
Kung nais mo'y kumportable sa pagsasalita,
Sa salitang balbal ay imulat ang 'yong dila.

**HINDI:**

Ako man ay sang-ayon sa iyo, kaibigan
Ngunit pagbabago'y di natin maiiwasan.
Narito't bibigyan kita ng isang patunay:
Sa'n dudulog ang nagtatalong mag-kapit bahay?

**OO:**

Aba! Aba! Dapat ay dalhin yan sa BARANGAY!

**HINDI:**

Anong tawag sa mga gamit na pamparikit?

**OO:**

Ako'y sigurado, di ba't iyon ay KIKAY KIT?

**HINDI:**

Ano ang tawag 'pag ang relo'y lagpas sa oras?

**OO:**

Hinahamon mo ako? Ano pa, eh di ADVANCED!

**HINDI:**

Tumpak! Ang mga sagot mo'y mga idinagdag
sa diksiyunaryo ng Oxford na talagang sikat.
Sila ay mga supling ng wikang Filipino
at nang di mabilang na impluwensya ng mundo.

**LAKANDIWA:**

Magaling! Mahusay! Mga batikang makata!
Totoong kami'y labis ninyong pinahahanga.
Ako'y nagpapasalamat sa panig ng OO
sa paalalang igalang, wikang Filipino.
Sa panig ng HINDI ay marami ring salamat
sa pinaunlad na wika kami ay namulat.
Mga manonood kayo na po ang magtimbang
Mabisang komunikasyon, isaalang-alang
Kung ang pagbabago sa wika ay yayakapin
Pagkakabuklod ng bansa ay pakaisipin.
Kaming tatlo ay narito sa inyong harapan
Humihingi po ng masigabong palakpakan.

# *Ang wika tungo sa pagbabago at asenso*

ni Maricris Guevarra

Sa paggawa ko ng tula.
Ako ay gumagamit ng mga salita.
Salita! Salitang saan nga ba nagmula?
Kundi sa ating nag-iisa at kinagisnang wika.

Ako, ikaw, lahat tayong nakatira sa mundo.
May kaniya-kaniyang wikang ginagamit sa pagmamando.
Maging sa pakikipagkapuwa-tao at pakikipagkilala,
Wika'y nagsisilbing transporstasyon ng ating pangangailangan.

Mahalin ang sariling wika.
Mahalin ang sariling bansa.
Ngunit paano mapapalaganap ang sariling wika.
Kung mayroong "Oppa, Viola, Ni hao" at iba pang isinasawika?

Hindi masama kung ang nais ay matuto ng wikang banyaga.
Hindi masama kung may ibang lenggwahe kang isinasawika.
Ngunit ang tanong… Sa sariling wika,
Ikaw ba’y may kinaadman kung gaano ito kahalaga?

Wika’y laging pahalagahan at…
Laging tandaan!
Hindi tayo maniniyot na sa isang pitik,
Kinaadman sa wika’y maisasatitik.

Ating wika’y aasenso,
Kung ito ay ating panatilihing buhay sa alinmang aspeto.
Dapat nga ba tayong magtala ng pagkakawing-kawing na proseso?
Upang sa gayon wika’y hindi mapulyado?

Sa pag-inog ng mundo.
Makabagong mga salita’y naiimbento.
Ngunit laging tandaan!
Sariling agham ay pagkaingatan sapagkat ito’y nagsisilbing pagkakakilanlan ng sambayanan.

# *Alpas*

ni Lester Nick R. Be-oy

Anong petsa na?
Bakit tila bang dumidilim na naman ang araw?
Lumalabo na naman ang kapalaran ng pag-asa para sa ating bayan.
May pinaslang na naman kaya?
Pinatahimik, binulag, biningi, o di kaya'y dinaganan?
Sino na naman kaya ang bihag nila?
Araw-araw iba't-iba aang biktima,
Nakakapagtaka, nakakalula, nakakagalit
Inuusal ang pagiging ganid.
Para saan pang tinawag na malaya?
Kung sa bawat pagbango'y may pangamba.
Marahil kasi sariling mamamayan, inaalipusta,
Araw-araw ako'y tinatanong;
"Napapagod ka rin bang lumaban?"
Palaging kasaguta'y "Oo,"
Ngunit ako'y 'di titigil, igagapang ang tinig ng madla,
Mga mangagawa't maralita,
Binabato ng mga salitang 'di masikmura.

Sa pamamagitan ng pluma’t gusot kong papel,
Kalakip ang kalatas at saliw ng tintang naglalagala,
Makakatayo, at mailulunsad
Kinabukasang ating minimithi’y makakamtan,
Hindi ako titigil, hanggang sa kamatayan,
Bagama’t nasa kadiliman; bitbit ang talas ng kalasag,
Gaano man kalabo ang kapalaran,
Pilipinas! Mananatiling para sa Pilipino lamang!
Pag-asa’y mananatili... kailanman.

# *Ina, dakila ka!*

ni Niño Makiling

"Mahal kita Ina"
Mga katagang namumutawi sa aking dila
Ngunit, kailanma'y hindi ko nasambit sa'yo, oh aking ina
Kailan pa kaya, kailan pa kaya mawawala itong hiya
Gusto ko mang sabihin
Gusto ko mang sambitin
Ngunit, hindi ko alam kung ano ang dapat kung gawin
Hindi ko alam kung ano ang dapat kong bigyang-pansin
Oo, marahil sa iba'y ako'y isang alibugha
Isang batang wala pang masyadong nagawa
Ngunit, salamat ina
Salamat, sapagkat ako'y iyong napalakas at napalaya
Ina, hindi ko man masabing mahal kita
Ngunit alam ng Poong Ama
Kung gaaano ka sa'kin kahalaga
Tulad ka ng diyamanteng walang katulad na iba
Ina, ikaw ay tulad ng isang diyamante
Diyamanteng biyaya sa'kin ni Yahweh

Ina, ikaw ang dahilan kung bakit ako'y hindi nagsisisi

Na ipakita sa iba na ako'y parti ng LGBT

Ina, salamat sa iyo

Salamat, ako'y tinangggap mo ng buong-buo

Alipustahin man ako ng maraming tao, guluhin man ako ng magulong mundo

Pag-ibig mo sa'kin ay hindi nagbabago

Ina, iyong pakatandaan

Gumuho man ang sanlibutan

Kailanma'y hindi kita malilimutan

Ina, nakakintal ka sa aking puso't isipan

# *Pamilya*

ni Irene R. Lacebal

Ang aking pamilya, tunay na kayamanan,
Ang bawat isa, sa akin ay kahalalan.
Kasama ko, sa hirap at ginhawa,
Sila ang lakas ko, sa bawat laban at tagumpay.

Ang ama, haligi ng tahanang puno ng pagmamahal,
Gabay at lakas sa tuwing ako'y nababalisa't nalulumbay.
Ang ina, ilaw ng puso't daan sa tamis at pait ng buhay,
Tunay na reyna, sa kanyang pag-aaruga't pag-alaga.

Ang mga kapatid, tunay na mga kaibigan,
Sa kanila, saya't tawanan hindi nagtatagal.
Ang bawat sandali, mas masaya't makulay,
Kasama sila, walang pag-aalinlangan at takot.

Sa aking pamilya, pag-ibig ang batayan,
Ng bawat pagtulong, suporta, at pag-unawa.
Magkakasama, sa bawat hagupit ng panahon,
Walang iwanan, tayo'y magkakapit-bisig sa pagharap sa mundo.

Kaya't ako'y nagpapasalamat sa tadhana,
Sa pamilyang mayroon ako, tunay at mapagmahal.
Sila'y andyan sa aking tabi walang sawang pagmamahal ay natatamasa.
Na alam kong hindi mawawala kailanman.

# *Kahirapan nga ba ang kumikitil sa pag-asa ng bayan?*

ni Cristine Joy T. Alojipan

Isa ang kahirapan sa isyu ng lipunan,
Kahirapan na kumikitil sa mga pangarap ng kabataan.
Kung ang edukasyon ang nagsisilbing susi,
Kahirapan ang kandado upang hindi makamit ang minimithi.
Ika nga, "Mahirap maging mahirap!"
Upang maisalba ang pag-aaral at maabot ang pangarap.
Kaya kumakayod at libo-libong pawis ang pumapatak,
Imbis na papel at lapis ang hawak naging martilyo at itak.
Habang natututong magbasa. magsulat at bumilang.
Hindi nawawala sa isipan,
Na baka bukas makalawa sa klase ay lumiban.
Dahil hirap matustusan ang pangangailangan sa eskwelahan.
Dahil hirap sa buhay at gipit na gipit.
Mga kabataan sa patalim na kumakapit
Sa mga anak walang mapakain. Araw-araw nganga.
Mga kabataang maagang nabubuntis at nag-aasawa,
Kahirapan nga ba ang kumikitil sa pag-asa ng bayan?

Di ba dahil ito sa gobyernong korap at walang trabahong magulang?

Ngunit tila hindi kahirapan ang hadlang.

Para sa hamon ng buhay ay patuloy na lumaban.

Magpursigi at magsumikap,

Para sa mga pangarap!

Sa tulong ng Diyos at ang Kaniyang gabay,

Sa huli giginhawa rin at makakamtam ang tagumpay.

# *Lipad*

ni Ronica T. Magbiray

Malakas na simoy ng hangin
Ay umaagos at yumayakap sa akin
Ako‘y minsa'y nasa itaas
Minsan naman ay nasa ibaba

Pag-ihip ng hangin
Hawak sa pisi'y pagtibayin
Pisi'y minsan nalapi kung malagot ito
Ngunit mas lalo akong pinatatag nito
Humawak ng maigi, upang di mawari
Lumipad lang hanggang sa huli

Kahit malakas na hangin ang ating haharapin
Huwag bibitaw at ibalanse lamang
Pagtibayin ang sarili
Maniwala at kakayanin pang muli

Lipad...lipad ...lipad

Lumipad hangga't kaya

Lumipad ng buong sarili

Lumipad hanggang sa huli

Lipad at lipad lang ulit

Hanggang sa mapagod

Umupo muna at lipad ulit hangga't kaya pa

Hanggang ang buhay ay lubos na nasulit

Katulad ng isang pangarap na kay tayog abutin

Kahit mahirap ay kakayanin pa rin

maabot lamang ang mga mithiin

Basta't kasa-kasama ang buong pusong Pananampalataya

Hawakan ang pisi ng mahigpit

Lumipad at sabayan ang ihip ng hangin

Huwag matakot kung pisi'y malagot

Tumayo at lumipad ulit ng buong puso

Lipad...lipad...lipad

Lumipad ka lng hangga't kaya pa

Huwag mawalan ng pagasa

Sapagkat ang buhay natin ay parang saranggola

9 786219 651486

Institute of Industry and Academic Research Incorporated
South Spring Village, Candelaria Quezon, Philippines
https://iiari.org/books